

ARTICLE

Lingguwistikong Etnograpiya ng *Iní*: Ugnayan ng Topograpiya at Sistemang Pangkabuhayan¹ *Linguistic Ethnography of Iní: Relationship of Topography and Economic System*

Sherwin M. Perlas

ABSTRAK

Pangkalahatang layunin ng pag-aaral na makabuo ng lingguwistikong etnograpiya ng wikang *Iní* ng Romblon sa paraan ng: 1) pangangalap ng mga naunang datos tungkol sa mga etnolingguwistikong pangkat *Iní* ng Romblon; 2) pagbuo ng komprehensibong dokumentasyon ng wika at kulturang *Iní* gamit ang lingguwistik, etnograpiya at historikal na paraan na nakatuon sa mga aspektong topograpiya at sistemang pangkabuhayan; at, 3) maibahagi sa pamayanang *Iní* ang resulta ng pananaliksik para sa kanilang sariling pagtataya, para sa mga praktikal na gamit sa edukasyong pangkultura ng komunidad at para sa higit na pagpapayaman ng diskursong Filipino.

Isang komprehensibong lingguwistikong etnograpiya ng mga pamayanang *Iní* sa Romblon ang naging output ng pananaliksik. Nailagom din ang pagtanaw at tugon ng pangkat sa kalagayan ng kanilang wika at kultura. Nakatas ang kasagutan dito sa pamamagitan ng pag-aanalays at pagsusuri ng mananaliksik sa aktuwal na danas niya sa komunidad. Sa pagtatapos, ang lingguwistikong etnograpiya na nakalap at ang sistemang pangkabuhayan at kulturang kasakay nito ay iminumungkahing gamitin sa edukasyong pangkultura ng komunidad at ipalaganap para sa pagpapayabong ng diskursong Filipino upang maihatid na kahit may pagkakaibang katangiang pangkultura at topograpiya ay nagkakaisa ang mga ito sa pagpapanatili ng mga kaugalian at pamantayan sa buhay na nalinang ng kanilang topograpiya at pamumuhay.

MGA SUSING SALITA

arkipelago, lingguwistikong etnograpiya, sistemang pangkabuhayan, topograpiya, wikang *Iní*

ABSTRACT

The general objective of this study is to produce a linguistic ethnography of the *Iní* language of Romblon through the following: (1) the collection of existing data on the *Iní* ethnolinguistic communities of Romblon; (2) the development of a comprehensive documentation of the *Iní* language and culture using linguistic, ethnographic, and historical approaches, with particular focus on topography and livelihood systems; and (3) the dissemination of the research findings to the *Iní* community for their own assessment, for practical use in community-based cultural education, and for the further enrichment of Filipino scholarly discourse.

The study produced a comprehensive linguistic ethnography of the Iní communities in Romblon. It also synthesized the community's perspectives and responses regarding the condition of their language and culture. These findings were derived through the researcher's analysis and interpretation of lived experiences within the community. In conclusion, the documented linguistic ethnography, together with the livelihood systems and cultural practices associated with it, is recommended for use in community cultural education and for wider dissemination to strengthen Filipino discourse, demonstrating that despite differences in cultural characteristics and topography, these communities remain unified in preserving traditions and norms shaped by their environment and way of life.

KEYWORDS

archipelago, economic system, Iní language, linguistic ethnography, topography

PANIMULA

Natatangi ang lokasyon ng Romblon bilang maliit² na arkipelago sa gitna ng Pilipinas. Ang mga karagatan nito ang naging daanan ng interaksyon mula Luzon patungong Visayas at maging sa Mindanao mula pa noong sinaunang panahon. Ang Tablas Strait (kanluran), Dagat ng Sibuyan (hilaga at silangan), at Dagat ng Romblon (timog) ang tatlong maaalong dagat. Ang pangkat ng mga isla ay matatagpuan sa timog ng Marinduque, kanluran ng Masbate, silangan ng Mindoro, at hilaga ng Panay sa Pilipinas. Subalit kung hahanapin ang Romblon sa mga talang pangkasaysayan, pampanitikan at maging pangwika, hindi ito mahagilap kundi man ay laging nasa laylayan.

Tinalakay ng pananaliksik na ito ang wika at kulturang *Iní*³, ang isa sa tatlong wika ng Romblon. Ang Iní (sinasalita sa mga bayan ng Romblon, San Agustin, Cajidiocan, San Fernando, at Magdiwang) ay kabilang sa Central Bisayan Dialect (Hiligaynon)⁴. Ang dalawa pang wika ng lalawigan ay Así at Onhan⁵. Ang Iní ay tinatawag ding Romblomanon dahil ito ang wika ng isla ng Romblon, Romblon. Subalit ginagamit din ito sa isla ng Sibuyan, maging sa bayan ng San Agustin sa isla ng Tablas. Paglilinaw ni Esquijo sa personal na panayam ni Perlas (2022), tinatawag ang wikang Iní ng ilang katutubo na wikang Romblomanon. Karaniwan, ang terminong *Romblon* ay tumutukoy sa alinman sa tatlong bagay: ang pangalan ng lalawigan, ang kabiserang bayan, at ang isla ng kabiserang bayan. Gayundin, ang terminong *Romblomanon* na nangangahulugang alinman sa tatlong bagay: pagkakakilanlan ng mga tao sa lalawigan, pagkakakilanlan ng mga tao sa kabiserang bayan, at isang termino para sa wika ng limang bayan. Ginamit ang Iní sa papel na ito bilang pantukoy sa wika upang makaiwas sa kalituhan.

Mayroon nang gumawa ng ilang pag-aaral tungkol sa kultura at wikang Iní gaya ng diksyonaryo (Newell 2006), pag-aaral sa tradisyonal na relihiyon (Ramos 2010), kasaysayang pampolitika (Esquejo 2014) at dibersidad ng relihiyon (Esquejo 2018), ngunit wala pang komprehensibong dokumentasyon tungkol sa kulturang Iní na nakaugnay sa mismong wika at topograpiya. Batay sa mga naunang mga pag-aaral ng mananaliksik sa Romblon (Perlas 2011, 2014, 2016), ang interaksyon ng wika at heograpiya ang pangunahing salik sa pag-unawa sa sinaunang tradisyon

ng mga Romblomanon. Sa pagkilala sa ugnayan ng mga ito, naibabalangkas ang katutubong kamalayan na siyang nag-uugnay hindi lamang sa pamayanang Iní kundi pati na rin sa buong lalawigan.

Samakatuwid, makapagpapalawig sa umiiral na mga kaalaman tungkol sa wika't kulturang Iní⁶ ang isinagawang etnograpiikal na pag-aaral. Gayundin, maaaari nitong mapagtibay o kaya'y maitaya pa ang naumpisahang balangkas at lapit-pananaliksik na ipinapanukala ng mananaliksik kaugnay ng usapin ng aspektong topograpiya at sistemang pangkabuhayan.

Bukod sa nabanggit, ang paggamit ng wikang Filipino bilang wika ng lingguwistikong etnograpiya ng Iní ay isang oportunidad upang maitawid sa pambansang kamalayan at ng sa gayon ay higit na makapaghikayat ng pakikipag-ugnayan sa labas at loob ng Romblon.

LAYUNIN

Pangkalahatang layunin ng pag-aaral na makabuo ng lingguwistikong etnograpiya ng wikang Iní ng Romblon. Upang matupad ito, isinagawa ng mananaliksik ang sumusunod: 1) Mangalap ng mga naunang datos tungkol sa mga etnolingguwistikong pangkat Iní ng Romblon, 2) Makabuo ng komprehensibong dokumentasyon ng ugnayan ng wika at kulturang Iní gamit ang lingguwistik, etnograpiiko at historikal na paraan ayon sa Gabay sa Lingguwistikong Etnograpiya ng Komisyon sa Wikang Filipino na nakatuon sa mga sumusunod na aspekto: Topograpiya at Sistemang Pangkabuhayan, at 3) Maibahagi sa pamayanang Iní ang resulta ng pananaliksik para sa kanilang sariling pagtataya, para sa mga praktikal na gamit sa edukasyong pangkultura ng komunidad at para sa higit na pagpapayaman ng diskursong Filipino.

METODO

Nakaangkla sa tatlong paraan ng pananaliksik (Joaquin-Paz 2005) ang papel – Lingguwistik na paraan, Etnograpiikong paraan at Historikal na paraan. Mahalaga ang Lingguwistik na paraan sa kadahilanang wika ang sentro ng saliksik. Sa paggamit na lapit na ito matuturol ang mga eksisting na baryasyon ng wika, unibersal at kung ano man ang magkakapareho sa mga elemento nito. Batay sa aktuwal na gamit ng mga nagsasalita ang pag-aaral na ginamit sa saliksik.

Ang Etnograpiikong paraan naman ang naging mabisang paraan ng pagbalida sa mga nakalap. Bilang isang *ethnographer*, ang mananaliksik ay naging *participant observer* sa komunidad sa loob ng isang buwan. Habang namumuhay kasama ang mga lokal, nagmamasid at nakakihalubilo sa pang-araw-araw na gawain ng komunidad. Isinaalang-alang din ng pag-aaral ang pagkakaiba ng impormasyong nakalap mula sa interbyu at mula sa pagmamasid bilang participant observer (Joaquin-Paz 2005). Dagdag pa ni Fajilan (2021) ang Lingguwistikong etnograpiya ang dulong na gumagabay sa pag-aaral na tumatanaw sa papel ng wika bilang “imbakan-hanguan ng kultura at kasaysayan.” Nakaangkla rin ito sa prinsipyo ng

interdisiplinaryong lapit ng Araling Pilipino na tumutuhog sa iba-ibang larang ng karunungan upang ipaliwanag ang kalikasan, konteksto, at kahalagahan ng mga paksa o akademikong suliranin” (6). Pagkatapos ng isang buwan na pagmamasiid⁷, nagkaroon ng pagbabalida upang masinop at masiguradong wasto ang mga nakalap.

Historikal naman ang ikatlong paraan na ginamit. Kinalap ang mga naunang dokumento at ginawan ng malalim na analisis ng data na nagpaliwanag sa usapin ng sistema ng kabuhayan na bunsod ng topograpiya ng lugar at siyang umambag sa wika at kultura. Kinalap din ang mga karanasan ng nakakatandang miyembro⁸ ng pangkat Iní sapagkat sila ay mabisang batis ng nakaraan o ang *oral history*.

Etnolingguwistikong Nakaraan at Kaligirang Pangkasaysayan ng Lalawigan

Sa pagpapaliwanag ni Lobel, ang mga wika ng Romblon, gayundin ang lahat ng mga wikang katutubo sa Pilipinas, ay kabilang sa pamilya ng “wikang Austronesian, na kinabibilangan ng mga wikang sinasalita sa China, Taiwan, Indonesia, Malaysia, Micronesia, Papua New Guinea, Guam, Hawaii, Samoa, Thailand, Cambodia , Vietnam, at 25 iba pang bansa sa insular at mainland Southeast Asia at Pacific Islands (sariling salin)” (Lobel 2002, 2). Ang pangkat ng mga wika sa Pilipinas ay may tatlong pangunahing sangay: Northern, Southern at Central.

Hindi tulad ng ibang mga isla o lalawigan sa Pilipinas kung saan ang lahat ng mga lokal na wika ay nauuri sa ilalim ng parehong subgroup ng mga wika, ang mga wika ng Romblon, ay nabibilang sa ibang subgroup ng grupo ng wikang Bisayan. Pansinin ang pagpapangkat na ginawa ni Lobel:

Ang Iní ay kabilang sa Central Bisayan subgroup, na sumasaklaw mula sa Waray-Waray sa Samar at Leyte, sa mga Masbatenyo, at hanggang sa kanluran ng Hiligaynon at Capiznon sa Panay. Ang Onhan, sa kabilang banda, ay kabilang sa Western Bisayan subgroup, na kinabibilangan ng Kinaray-a at Aklanon pati na rin ang ilang minor na wika na sinasalita sa Mindoro, Palawan, at ilang maliliit na isla sa pagitan. Pangatlo, ang Así ay hindi inuri sa ilalim ng anumang partikular na subgroup ng Bisayan, at sa halip ay bumubuo ng sarili nitong agarang sangay ng Bisayan (sariling salin). (Lobel 2002, 2)

Una nang binanggit ni Zorc (1975) na ang wikang Así ay hindi nabibilang sa anumang *subgrouping* ng wikang Bisayan.⁹ Sinabi niya na ang subgroup ng Así (Wikang Banton ang tawag ng ibang taga-Banton), na kinabibilangan ng Banton, Sibale (Concepcion), Corcuera, Calatrava, at Odiongan, ay kumakatawan sa isang tulay sa pagitan ng mga dibisyong Kanluranin at Gitnang Bisayan (351). Ayon sa resulta ng pananaliksik ni Zorc, dahil mas mababa ang marka ng wikang Así kaysa sa karamihan ng ibang wikang Bisaya sa mga paghahambing na kanyang ginawa, posibleng isa ang pangkat Así sa mga unang grupong Bisaya sa rehiyon. Kalaunan, nang ang pangkat Iní, Onhan at iba pang mga diyalektong Bisaya ay dumating, ang pangkat Así ay nagsimulang manghiram ng wika mula sa posibleng nangingibabaw

o mas kilalang dayo, na naging dahilan ng pagkawala ng orihinal na pinagmulan ng wika (351-352). Ang konklusyong ito ay kinumpirma ng kasaysayan ng Romblon, na naglalarawan sa pangkat Así bilang mga unang imigrante ng kapuluan.

Ang pangkat Onhan naman (Looc, Alcantara, Ferrol, San Jose, Sta Maria, San Andres at Santa Fe) na kabilang sa West Bisayan (Karay-a)¹⁰ ay nauugnay sa Kinaray-a, Aklanon, Bulalakawnon sa kabila ng Tablas Strait sa Mindoro, at ang mga wikang sinasalita sa Semirara at Cuyo Islands at ilang bahagi ng Palawan. Ang sangay ng Kanlurang Bisayan ay isa sa mga hindi gaanong kilalang sangay ng Bisayan, dahil kapag ginamit ang salitang Bisayan, kadalasan ay alinman sa Cebuano o isang wikang Central Bisayan tulad ng Hiligaynon (a.k.a. Ilonggo) o Waray-Waray ang naiisip. Sa katunayan, maraming tao ang nagulat nang malaman na ang Hiligaynon at Kinaray-a ay hindi nauuri sa iisang sangay ng Bisayan (Lobel 2002, 9).

Sa kabilang banda, ang pangkat Iní (Romblon, San Agustin, Cajidiocan, San Fernando, at Magdiwang) na kabilang sa Central Bisayan ay may parehong phonemic na imbentaryo tulad ng Así, na siyang pangkalahatang phonemic na imbentaryo ng Central Philippines. Ito ay nauuri bilang isang sentral na wikang Bisayan, at posibleng nabuo bilang isang uri ng *creole* kapag ang mga nagsasalita ng iba't ibang wikang Central Bisayan tulad ng Hiligaynon, Capiznon, at Masbatenyo ay nahalo sa mga Cebuano at Bicolano na nandayuhan sa Romblon at Sibuyan Islands (Lobel 2002, 8).

Marahil ang pagkakabilang ng pangkat Iní sa Central Bisayan subgroup ang pangunahing dahilan ng pagiging pamilyar ng wika sa ibang wikang Bisayan lalong lalo na sa mga nagsasalita ng wikang Waray, Masbatenyo, Hiligaynon at Capiznon. Bukod dito sa paglilinaw ni Lobel (2002), na mahalagang tandaan na, bagama't ang mga wika ay pinapangkat ng mga lingguwist sa subgroup sa pagtukoy sa pagkakatulad at pagkakaiba ng mga wika upang matuklasan ang mga makasaysayang ugnayan sa pagitan ng mga wikang ito, ang bawat wika ay maaaring ding magkaroon ng pagkakatulad sa mga wika mula sa ibang mga grupo, lalo na kapag ang dalawang wika ay ginamit nang malapit sa isa't isa (2). Katulad na lamang ng nangyari sa tatlong wika ng Romblon. Pansinin:

Halimbawa, ang Onhan, Iní at Asi, bagama't hindi malapit sa genetic na lampas sa lahat ng malinaw na mga wikang Bisaya, ay maaaring magpakita ng pagkakatulad dahil sa katotohanan na sila ay nanirahan sa parehong pangkalahatang lugar – mga karatig na isla – sa loob ng hindi bababa sa ilang siglo. Maaasahan din na sila ay nanghiram sa Hiligaynon at Capiznon, dahil sa matagal na panahon na pinangasiwaan ang Romblon mula sa Lalawigan ng Capiz. Kamakailan, lahat ng mga wikang ito ay humiram sa Tagalog, lalo na't ito ay ginagamit sa midya at itinuturo sa mga paaralan bilang pambansang wika ng Pilipinas (sariling salin). (Lobel 2002, 2)

Binanggit din ni Esquijo (2014) na mula sa mga unang taon ng kolonisasyon ng mga Espanyol, ang Romblon ay nasa ilalim ng awtoridad ng teritoryo ng Panay (1901-1908), noon ay isang sub-probinsya ng Capiz (1908-1918) noong panahon

ng kolonyal na Amerikano, at isang mahabang panahon (1918-1972) na bahagi ng Kanlurang Bisayas hanggang sa itinatag ang Mindoro, Marinduque, Romblon, Palawan (MIMAROPA) noong unang bahagi ng dekada ng 2000.

Sa pangwakas, obserbasyon ni Lobel na wala pa siyang nakikitang seryosong pag-aaral tungkol sa pinagmulan ng mga nagsasalita ng wikang Iní. Ang wika ng pangkat ay resulta ng convergence ng mga taong nagsasalita ng mga kaugnay na wika na sila mismo ay humiwalay sa isang karaniwang wikang ninuno. Paliwanag ni Lobel na ang wikang Iní ay:

“may mga elemento mula sa Hiligaynon at Capiznon na sinamahan ng bokabularyo mula sa Cebuano, Asi, Onhan at Masbatenyo, na ang huli ay mismong hybrid ng Bikol, Waray-Waray at Cebuano (maaring sa Masbatenyo at hindi sa Bikol mismo ang mga hiram na Bikol sa Romblomanon). Ang Iní ay lumilitaw na isa sa mga serye ng mga hybrid na wika sa kahabaan ng hilagang hangganan ng Bisaya na kinabibilangan ng Marinduque Tagalog, Iní, Bantayan Bisaya, Masbatenyo at Central Sorsoganon (tulad ng sinasalita sa loob at paligid ng Lungsod ng Sorsogon.) (sariling salin)” (Lobel 2002, 14)

Sa kasalukuyan, masigla at ligtas ang kalagayan ng mga wika ng Romblon – mayroong 75,000 ang nagsasalita ng wikang Asi, 85,800 ang nagsasalita ng wikang Onhan at 157,000 naman ang nagsasalita ng wikang Iní.¹¹ Ngunit sa kabila ng malawakang paggamit, ang mga wikang Asi, Onhan, at Iní ay bihirang makita sa mga lathalain gaya ng mga dyornal, aklat, magasin, lokal na tabloyd, at pahayagan.

6

Proseso sa Paghanda at Balidasyon ng Manuskrito

Pagkatapos ng isang buwang fieldwork noong kalagitnaan ng Mayo hanggang Hunyo 2018 nakapagtala ng 26 na mga informant sa San Agustin sa isla ng Tablas, 21 mga informant sa isla ng Romblon, at 20 naman sa isla ng Sibuyan. Sa kabuoan, ang pananaliksik ay nakapanayam ng 67 kalahok na may hanay ng edad mula labinsiyam hanggang walumpu't apat na taong gulang. Kasunod nito, siyam na mga konsultant mula sa komunidad ang naging pangunahing balideytor¹².

Sa balidasyon ng manuskrito, sinunod ang proseso na iminungkahi ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa kanilang *Manwal sa Pagdodokumento ng mga Wika at Kultura ng Pilipinas* (78). Ang sumusunod ang mga naging hakbang: una, nakipag-ugnayan sa komunidad¹³ hinggil sa petsa ng balidasyon; ikalawa, nagpabatid sa KWF hinggil sa petsa at lugar ng balidasyon; ikatlo, pagpabatid hinggil sa pinal na petsa ng balidasyon; ikaapat, pagpili sa mga pangunahing balideytor¹⁴ ng manuskrito; ikalima, pagpadala ng kopya ng manuskrito sa grantee; ika-anim, paghanda at pagpadalá ng kopya ng manuskrito sa mga pangunahing balideytor; ikapito, pagbasa at pagbigay ng puna sa manuskrito; pagbasa at pagtala sa mga di-tiyak na datos; paghanda sa mga komento ng konsultant at editor ng nilalaman; suri sa *raw files*; at puna sa kabuoan ng manuskrito; ikawalo, muling pagpabatid at pag-imbata sa mga kalahok para sa balidasyon; ikasiyam, paghanda ng programa at lahat ng kagamitan para sa balidasyon; ikasampu, pagtipon sa

mga datos na kailangang ibalida; ikaalabing-isa, pagbuo sa talaan ng mga datos na kailangang ibalida; at ang panghuli, pagsagawa ng balidasyon.

Bago ang naitalagang araw ng balidasyon, nauna nang basahin, suriin, at komentuhan ng mga natukoy na pangunahing balideytor ang borador ng manuskrito. Ang mga napiling pangunahing balideytor ang kumatawan sa komunidad. Naitala sa ulat ng balidasyon ang mga detalyadong proseso ng balidasyon katulad ng pagbibigay ng puna, pagpapaunlad, pagwawasto, mungkahi, pag-aalis, at/o presentasyon ng mga datos. Kinilala rin ang pakikilahok ng mga informant at iba pang kalahok sa ginanap na balidasyon ng mga datos. Inilakip ang talaan ng mga dumalo sa balidasyon at talaan ng mga nakapanayam sa manuskrito upang magsilbing katibayan o patunay ng balidasyon. Panghuli, nilagdaan ng komunidad ng wikang Iní ang katibayan ng pahintulot sa KWF na gamitin at i-upload sa internet ang raw files (bidyo, larawan, at audio recording) hinggil sa isinagawang pananaliksik sa komunidad para sa pampublikong akses bilang bahagi ng proyektong *Content Management System*.¹⁵

PAGLALAHAD AT PAGSUSURI NG MGA DATOS

Paggawa ng Walis Tambo o Silhig

Isang buhay na industriya ang paggawa ng walis tambo o *silhig* sa bayan ng San Agustin. Pami-pamilya ang gumagawa ng walis tambo at iniluluwas sa iba't ibang bayan ng Romblon maging sa labas ng lalawigan.

Pinakalaganap ang industriya sa barangay ng Doña Juana kung saan malawak ang taniman ng *luwáy* o tiger grass (*Thysanolaena maxima*) o tambo sa Tagalog. Bukod sa likas na pagtubo ng luwáy, naging isang parte na ng kabuhayan ng mga tao ang pagtanim ng luwáy at paggawa ng walis tambo. Akma sa pagsasaka ng luwáy ang topograpiya ng lugar at karatig bayan. Nabanggit sa pag-aaral ni Sespene et al. (2011) na ang karatig bayan ng Marigondon Norte sa San Andres ang isa sa mga taga-suplay ng luwáy. Ang nabanggit na bayan ay nakatuon lamang sa pagtanim at pagbebenta ng luwáy at hindi sa pagproseso ng walis dahil sa teknikal at pinansyal na aspeto nito. Dagdag pa ni Sespene et al. (2011), karaniwang ibinebenta ng mga magsasaka ang kanilang ani sa mga wholesaler at sa ahente ng luwáy. Para makapaglatag ng bahagyang ideya, noong 2009, ang tinanyang dami ng 80,630 na mga bungkosay ibinenta sa mga lokal na ahenteng ito: G. Manasan ng Doña Juana (22,200 bungkos), Mr. Robert Gabon (20,830 bungkos), iba pang ahente sa Mari-Norte (17,450 bungkos), G. Gaciles ng San Andres (8,650 bungkos), ahente para sa Mindoro (4,000 bungkos), ahente sa Mari-Sur (3,600 bungkos), ahente para sa Aklan (3,200 bungkos) at ahente para sa Odiongan (700 bungkos). Ang Doña Juana ang isa sa may pinakamaraming nabiling hilaw na materyales (p. 91) dahil sila ang kilalang nagpoproseso ng luwáy upang gawing walis. Mapapansin sa buong baryo ng Doña Juana kapag anihan na ng luwáy dahil kabi-kabila ang nagbibilad nito. Halos lahat ng pamilya sa lugar ay sangkot sa gawain ng paggawa

ng walis tambo. Kapag tuyo na ang binilad na luwáy ay handa na itong *ilampas* upang maihiwalay ang bulaklak ng luwáy. Ang paghahampas ng luwáy ay isang gawaing pinagkikitáan ng mga kabatáan. Ang paglampas sa luwáy ay mano-mano. Ayon sa mga nakapanayam, may mga pagkakataon na dati na gumamit sila de-makinang pangtanggal ng bulalaklak ng luwáy ngunit kalaunan ay bumalik din sa tradisyonal na *paglampas* dahil mas epektibo ito at mas malinis.

Proseso ng paghahanda ng materyales at kagamitan. Walang partikular na buwan sa pagtatanim ng luwáy basta may kaingin ay maaari nang magtanim ng luwáy. Siguraduhing *kahawan* o malinis ang pagkakatanggal ng mga damo at iba pang tanim sa kinaingin na erya para maiwasan ang pagkasira ng luwáy. Huwag kukunin ang lahat ng aning luwáy. Mag-iwan ng *saha* para muling magamit sa pagtatanim ng luwáy.

Proseso ng paggawa ng walis tambo. Ihampas o ilampas ang luwáy sa semento o kahit anong matigas na bagay para matanggal ang mga *boyak* o bulaklak nito. Kumuha ng isang pungpong o dakot ng bulaklak ng luwáy na siyang gagawing walis tambo. Ang isang pungpong ay humigit-kumulang isandaang hibla ng bulaklak ng luwáy. Isang bugkós o hugpong ng malinís na bulaklak ng walis ang tawag dito. Piliin ang angkop na karayom (*buríl* o *aguho*) sa pagtahi ng walis tambo. Itahi ang isang hugpong na luwáy ayon sa desinyong gusto at paraan ng pagtatahi. Idugtong ang *handol* o hawakan sa pamamagitan ng porma. Pagkatapos, maaari nang lagyan ng sticker ang walis tambo at maaari nang ibenta.

Sa tuwid na tambo, luwáy ang ginagamit na hawakan habang kahoy ang ginagamit sa *handwood*. Parehas na maaaring *buríl* o *aguho* ang gagamiting karayom sa pagtatahi. Ayon naman sa laki ng walis tambo, *buríl* ang ginagamit na paraan ng pagtatahi sa ordinary na walis tambo habang *aguho* naman sa malaking walis tambo. Maaaring luwáy o kahoy ang gagamiting hawakan ng ordinary at malaking walis tambo. Kung luwáy ang gagawing hawakan, gamitin ang angkop na proseso depende sa nais na laki. Noong mga nakaraang taon, may makina na gamit ang baranggay sa paglilinis ng kahoy na hawakan, ngunit kalaunan, bumalik sa dating nakagisnang paggawa at paghuhugis ng kahoy na hawakan ng walis. May pamilya o grupo na hawakan lang na kahoy ng walis ang ginagawa at binibili lang ito ng tingian o bultohan ng mga gumagawa ng walis.

Paghuli ng Bolinaw (Dilis)

Paghuli ng Bolinaw (*Dilis* o *Philippine Anchovy* na kabilang sa pamilyang *Engraulidae*) at ang pagbilad dito sa Carmen, San Agustin ang isa sa mga hanapbuhay sa isla. Pagdating sa paglambat o *pagpukot* sa Bolinaw, pinakakilala ang Carmen. Ang Carmen ang isa sa may pinakamaraming huli ng Bolinaw marahil dahil sa anyo ng dagat nito na isang *cove* o kipot na ideal na *breeding ground* ng nasabing isda. Ang Carmen din ang may malakihang produksiyon ng binilad na Bolinaw na may mataas na kalidad.

Sa ibang bayan, mayroon ding paghuli ng Bolinaw. Sa Cajidiocan ang binilad na Bolinaw ay tinatawag nilang *dulis*, samantalang sa Magdiwang naman, ginagamit ito kapag sariwa ang Bolinaw. Pagdating naman sa terminolohiya ng mga binilad na isda, *pakás* ang tawag ng Cajidiocan at San Fernando sa malalaking isda na *biníslad* o hiniwa bago ibinilad samantalang *báyoy* ang tawag sa San Agustin at Romblon, Romblon.

Ang Bolinaw ay kadalasang nahuhuli ng mga mangingisda tuwing Pebrero. Bawat buwan, halos 100-130 kilo ang nalalambat. Kapag ito ay nabilad (daing na), umaabot sa PhP150 ang halaga nito kapag malalaki, mula PhP180 hanggang PhP 200 naman ang kilo kapag maliliit at PhP 40-PhP50 ang kilo kapag sariwa. Lambat at *dyapang* (isang uri ng bangka na malapad) ang gamit sa panglalambat.

Paggawa ng Buro o Ginamos (San Fernando). Ang *ginamos* ay ginagawa sa lahat ng bayan ngunit sa San Fernando ay maramihan at may mataas na kalidad ang kanilang produksiyon. Kung sa Carmen, San Agustin ang karamihan sa huling Bolinaw ay binibilad upang maging dilis, sa San Fernando kalimitan ay binuburo ito upang gawing ginamos. Sa San Agustin, may pamahiin na kapag gumawa ng ginamos dapat isang kamay lang ang gamit upang hindi bumaho ang ginamos. Sa Sibuyan naman, ang sikreto sa hindi pagbaho ng ginamos ay ang pagpapatuyo rito.

Sa isla ng Sibuyan, may tinatawag silang *Lunes-lunes* o ang pagburo nang madalian na kasya sa isang linggong konsumo. Paglipas ng isang linggo, dapat tanggalin ang katas na may dugo upang maiwasan ang masangsang na amoy at pangit na lasa ng binuro. Kaya ito tinawag na lunes-lunes dahil sa loob ng isang lingo, pwede nang kainin ang ginamos. Nilinaw din na mas pinipili ang proseso ng pagginamos, kailangang sa *tadyaw* na gawa sa lumad o *lunang* dahil kapag sa mga plastic nakakaapekto ito sa amoy.

Kalimitang ang sukat ng paggawa ng ginamos ay 20 kilos o isang lata na katulad ng sa minola na Bolinaw at dalawa't kalahating ganta na asin. Sa Magdiwang, nasa 700-1000 ang isang lata ng ginamos samantalang sa San Agustin ay 1500. Karamihan ng mga salita sa paggawa ng ginamos ay may kinalaman sa kalidad ng produktong ginamos tulad ng *mahumot* o mabango: *mangayas-ngayas* o magaspang, *kadagko* o malaki, at *nagyuta* o lumambot.

Proseso sa Paggawa ng Gamos. Una, hugasan ang isda at patuyuin sa loob ng 10-15 minuto; pangalawa, lagyan ng dalawa't kalahating na asin (dalawa at kapat na kilong asin); pangatlo, haluin at lamasin haggang sa madurog ang isda; pang-apat, ilagay sa lagayan o garapon depende sa dami; panglima, sa loob ng tatlo hanggang limang araw, kung hindi na malansa ang amoy at tila patis na ang katas ng ginamos, pwede nang makain ito; pang-anim, iwasang malansa ang ginamos dahil ito ay magiging maalat at mapait.

Pangingisda o Pagpamunit

Bilang isang lalawigang arkipelago, isang pangunahing hanapbuhay ng mga tao ang pangingisda o *pagpamunit*. Malaki ang ambag ng topograpiya sa ganitong

pagpili ng hanapbuhay. Ang mga pulo ng Romblon ay nagkakalat sa gitnang teritoryo ng Pilipinas at pinaghihiwalay ng maalon at mabagyong dagat (Madeja, 1993). Paglilinaw pa ni Prado (2019) ito ay binubuo ng 158 na mga isla at pulo na may kabuoang lawak ng lupa na humigit kumulang 135,593 kwadrang parisukat (119-142). Ang kasalukuyang napapangalanan pa lang ay dalawampu't anim at may natitira pang 132 isla na wala pang opisyal na pangalan (Esquijo 2015, 15-17).

Isa sa mga pinakakilalang paraan ng pangangisda sa lalawigan ay *pangulóng* na siyang kalimitang ginagawa sa bayan ng San Agustin. Makikita din ang ganitong paraan ng pangangisda sa iba pang bayan ng Romblon. Ang pangulóng ay sari-sari ang laki at haba ng lambat. May pangulóng sa dilis, sa katamtamang laki ng isda at sa mga malalaki talaga. Kapansin-pansin ang laki ng bato o tingga na nagsisilbing pabigat na ginagamit sa pagsara sa ilalim ng lambat sa pangulóng. Karaniwang inihuhulog sa lalim na 150 *fathom* o dipa at may bigat na 150 kilos ang isang bato.

Pangulóng bilang Proseso ng Pangangisda. Ang pangulóng ay isang paraan ng pangangisda kung saan kinukulong ang mga isda gamit ang lambat. Ang *pagpalawód* o pagpalaot upang mangisda ay nagsisimula sa ikatlo ng madaling araw hanggang ikawalo ng umaga. Kadalasan, umaabot sa tatlungpu't limang mga katao ang kasama sa pagpalaot.

Ayon sa nakapanayam, nagmula sa Mindoro ang kaalaman sa ganitong uri ng pangangisda na dala-dala ng mga naunang nagpasimula nito sa kahabaan ng dalampasigan sa Brgy. Long Beach, San Agustin. Binanggit ni Año (2021) ang kontak ng mga wika sa pagitan ng Mindoro at Romblon. Marami ang pamilya sa Roxas, Mindoro ang dayo mula sa Romblon (29) na posibleng nagdala pagbalik ng kultura at wika ng pangulóng sa Long Beach, San Agustin, Romblon. Nabanggit din ang mga salik ng ang mga gawaing pangkalakalan, transportasyon, at migrasyon pagitan ng Roxas at Romblon na umambag sa mataas na antas ng kaibahan ng wika (43). Maraming tubo na sa lugar ang namuhunan sa pangulóng. Ang ganitong pangangisda ay parte na ng kultura ng lugar pati na ang mga wikang dala-dala ng hanapbuhay ng pangulóng.

Samantala, isang paraan ng pangangisda naman ang *yabè*. Habang *paawóy-awóy* o sumusunod sa agos o *sulog* sa laot, ang mangangisda ay namimingwit gamit ang *yabè* o *simbada* na popular kung marami ang pahuli. Isa itong mahabang *nylon* o *line* na mayroong maraming *tagâ* o kawit. Sa simula ay hawak-hawak ng mangangisda ang gitna ng taling nylon, lahat ng kawit ay may pain, at inaantay na kumain ang isda. Una nitong hinihila ang bahagi ng tali na mas maraming huli, habang kinokolekta nito ang mga isda sa isang bahagi, nakalawit naman ang kabila na may mga pain. Ang nakalawit na kabilang bahagi naman iaangat nito at ikokolekta ang mga kumagat sa pain kaya iyong kabila naman ang nakahulog sa dagat. Alam ng mangangisda kung paano ang *paglanis* o paghila o pagbira sa *hook and line*.

Mahalaga na alam ng mangangisda kung paano ang *pagtawtaw* o pag-akit ng isda para kagatin ang pain. Bawat klase ng isda ay may pain na kailangang gayahin

ang kilos upang aakalain ng isda na pagkain ito. Pagkatapos mamingwit, nililigpit ang nylon at tagâ sa isang kahoy na pabilog o *pilóng-pilongan*. *Poyunan* ang tawag dito sa San Agustin.

Uso rin ang *sirgá-sirgá* o paraan ng pamimingwit sa dalampasigan gamit ang tablang hugis isda na may nakakabit na kawil na may artipisyal na pain na panghuli ng isda. Híla-híla ito ng mangingisda habang naglalakad sa tabi ng dalampasigan. Gamit pagkatapos ng bagyo dahil ang isda ay nasa mababaw na parte lamang ng dagat.

Sa San Agustin gumagamit sila ng *budyóng* o malaking *conch shell* o saang na ginagamit na pantawag upang malaman kung may nahuli na at para magtawag ng bibili ng huli, at *gansò* o kalawit na gamit sa paghango at pagkalawit ng malalaking isda. Mapapansin na dahil nga sa pagiging arkipelagihiko ng lugar, mayaman ang buong tatlong isla ng Tablas, Romblon at Sibuyan sa yamang-dagat. Bunsod nito, karamihan ng mamamayan ay sa dagat ang hanapbuhay. Ang mga kabatáan, mayaman man o mahirap ay nakaranas mamingwit. Kung hindi man hanapbuhay, namimingwit ang iba bilang libangan.

Ang proseso ng Pagtáan ay gumagamit ng *sáyap*. *Ihathat* sa dagat ang *sáyap* at babalikan makalipas ang ilang oras. Aayusin ang pagkahathat ng *pamatáw* at ang *pamatô* na nagsisilbing pabigat upang masigurong nakaharang ang lambat sa dadaanan ng mga isda.

Kung maglalagay ng pabigat, ikinakabit nila ang *birador*. Kalimitan pitong dipa ang normal na lalim ng hulog sa dagat, kung medyo lumalim pa yung isda, dadagdagan pa ang paghulog upang mahabol ang lalim ng paglangoy ng isda. Kung lumagpas naman, nakapirmi na lang at itatali muna ang lambat hanggang sa tuloy-tuloy na naman ang paghila pataas. Ang klase ng isdang mahuhuli ay depende sa laki ng mata o butas ng lambat. Ang pagpili sa laki ng mata ng lambat ay nakasalalay sa klase ng isda na marami ang huli sa lugar. Apat hanggang limang katao ang nagtutulung-tulong sa paghila ng lambat.

Sa proseso ng *pamamanà* kinakailangang ihanda muna ng *buséro* ang mga kagamitan katulad ng *rapák*, *antipara*, tuhugan at *panà*. Kapag handa na ang lahat, maaari nang magtungo sa dagat at simulan ang paninisid. Kailangang nasa kondisyon ang katawan bago *mamanà* sa umaga o sa gabi. Kadalasan, nakadepende sa panahon ang dami o uri ng isdang nahuhuli sa pamamamana. Kapag may nahuling mga isda, maaari na siyang itali sa tuhugan. Sa trabahong ito ayon sa isang namamanà, kailangang kumpleto ang pahinga upang malakas ang katawan at maiwasan ang anumang disgrasya. Bukod sa pamamana ng mga isdang bato, nangunguha na rin ng mga *sihè* o iba pang *mollusks* sa mga malalalim na parte ng dagat. Mas mahal ang mga uri ng *sihè*¹⁶ na nakukuha ng isang buséro.

Pagbáyoy o Pagdadaing. Ang *pagbáyoy* o pagdadaing ay isang pangunahing paraan ng pagpepreserba ng pagkain para hindi masira. Ginagawa ito upang magtabi ng mga huling isdang hindi pa agad makakain. Katulad ng pagbilad ng Bolinaw, ang pagdadaing ay isang hanapbuhay ng mga taga Romblon lalo't higit na isang kapuluang lalawigan ang Romblon.

Kapag nasa *peak season* ang paghuli ng isda, ibinibilad ito upang hindi masira kaagad. Ginawa na rin itong negosyo na gagawing pambenta sa panahon na mahina naman ang pahuli o kaya mahal ang isda. Ang pinakamaramiang Tulingan mula Nobyembre hanggang Disyembre at saka buwan ng Mayo, ang Galunggong namay ay pinakamarami mula Marso hanggang Hunyo at ang Tamban ay halos buong taon ngunit mas marami ito tuwing buwan ng Hunyo. Nangyayari ang ganitong peak season dahil panahon ng pangingitlog ng mga isda ang mga nabanggit na mga buwan. Ang mga nabanggit na panahon ng pangingitlog ay maaring dito lang sa Romblon dahil iba din sa ibang rehiyon. Nakadepende sa klima ang panahong ito kaya nag-iiba-iba din ang iskedyul ng mga ito sa ibang rehiyon. Ang mga sangkap sa pagbáyoy ay isda, asin, suka.

Proseso ng Pagbáyoy. Bawat bayan na sakop ng mga nagsasalita ng wikang Iní ay may kanya-kanyang paraan ng *pagbáyoy* o pagdadaing ng isda. Bawat klase ng isda, may kanya-kanya ding paraan ng paghahanda. Ang paraan ng paghahanda, gaya ng nabanggit, maaring pangsariling pagkain o pangkomersiyo. Mas mataas ang kalidad ng báyo kung may asin at suka ngunit nangangailangan ng mas maraming oras ng pagbabad kaya kalimitan, pansariling pagkain ang ganitong proseso ng paghahanda. Kung pangkomersiyo, kalimitan ay asin lang ang sangkap dahil madali itong ihanda, mas madaling matuyo at tipid sa sangkap.

Sa bayan ng San Fernando, inisa-isa ng aming nakapanayam ang paraan ng pagbáyoy sa kanilang bayan.

Una, kailangang linising mabuti ang mga isdang ibabáyoy o idadaing. Pangalawa, biyakin o *ibislad* ang isda. Pangatlo, tanggalan ng mga lamang-loob o *tinae* ang isda. Hugasan ang mga ito nang mabuti at maayos sa tubig o dagat. Panglima, patuyuin nang tatlo hanggang limang minuto. Pang-anim, lagyan ng asin isa-isa at ayusin ang pagkasalansan sa lagayan o banyera. Pampito, lagyan ng kaunting suka upang hindi dapuan ng langaw. Pangwalo, hayaan ng mga ilang oras o isang buong magdamag na nakababad sa asin upang *mahantop* o sumipsip sa laman ang asin. Pangsiyam, hugasan nang madalian sa dagat bago ibilad sa araw hanggang sa matuyo. Pangsampu, kapag tuyo na, maaari nang ibalot sa isang malinis na lalagyan upang maibenta.

Sa bayan naman ng San Agustin, ayon sa nakapanayam, matapos linisin ang isda ay ibabad sa suka at tubig sa loob ng isang oras. Isang tasa ng suka at limang baso naman ng tubig ang katamtamang sukat para sa pagbibislad. Pagkatapos ng isang oras, maaari na itong ibilad sa sikat ng araw. Kapag natuyo na, tinatawag itong báyo.

Pagtanóm o Pagtatanim

Sa *pagtanóm* o pagtatanim, kapansin-pansin ang iba't ibang uri ng bigas mula sa bundok tulad ng *bigantè*, *garáy*, *lubáng*, *tápoy* at *pinongó*. Noong panahon na hindi pa uso ang de-makinang panggiling ng palay, *lusóng* at *bayô* o *pestle* at *mortar* ang gamit ng mga mamayan sa pagproseso ng palay o *bugás*. Pagkatapos na anihan,

ihihwalay ng magsasaka ang mga butil ng palay sa tangkay nito sa pamamagitan ng *paggi-ók* o pag-apak sa inaning palay. Pagkatapos ang pagbayo ng palay sa lusong, ilalagay sa bilao ang bigas para sa *pagtahóp* o paghiwalay ng ipa o *upá* ng palay gamit ang bilao.

Ayon sa nakapanayam, ang bawat pamilya ay kalimitang may kanya-kanyang tanim na uri ng bigas mula sa bundok para sa pansariling kunsumo lamang. May pagkakataong maganda ang ani ngunit bihira itong ibenta sa palengke bagkos ginagawa ang barter at ipinagpapalit ang aning uri ng bigas mula sa bundok sa ibang uri naman kung saan sagana doon ang ibang kapitbahay.

Kahit ang paraan ng pag-aani ay katulad ng isang bayanihan kung saan iniimbitahan ang kapitbahay kung sakaling marami ang paani at magkakaroon ng *paglubók* o pagbayo sa palay para makagawa ng pinipig o *limbók*. Sinasabayan ang gawaing ito ng konting kasiyahan at kantahan habang isinasagawa ang paglilimbok. Binanggit ni Perlas (2023) na itinatanghal ang mga katutubong awit ng lalawigan ng Romblon kapag hinihingi ng isang tiyak na aktibidad. Dagdag nito, ang aktibidad ay nagsisilbing isang pagtitipon. Ayon sa mga tagapag-ingat ng tradisyon, isa sa mga tiyak na okasyon na umaawit sila ay kapag anihan at ang “karaniwang inaawit ay mga awit ng pag-ibig” (p. XXIV-XXV).

Paghuhungód (Pag-aalay). Sagana ang pamayanang Pilipino sa mga pamahiing nagdidikta ng mga gawi at kilos ng pamilya at ng lipunan. Maraming mga pagkakataong natitigil ang isang sanga ng mga aksiyon dahil may kailangan munang isagawa bago tumuloy sa nais gawin. Dahil dito, nakasentro ang mga Pilipino sa mga dapat at hindi dapat gawin nang hindi abutin ng malas. Sa barangay ng Cabolutan sa bayan ng San Agustin, mayroong pamahiin sa paghuhungód para magkaroon ng masaganang ani. Ginagawa ang *paghungód* ng mga punong alay tulad ng *bagákay* o bunga at dahon ng *pitógo* upang magkaroon ng masaganang ani. Ginagawa ito nang umagang-umaga, pagsikat ng araw. Itinatanim ang mga hungód bago ang aktwal na pagtatanim.

Ginagawa ang paghungód sa unang pitong tanim. Ang *pitógo* (*Cycas rumphii* Mig. sa pamilyang *Cycadaceae*) ay may maraming dahon na dikit-dikit at bilog ang bunga. Ginagamit ito upang ang tanim ay magaya ang kanyang karakteristik at magkaroon din ng maraming dahon at bunga. Ang *bagákay* (*Schizostachyum lumampao*) naman ay ginagamit dahil sa maraming suhi o saha na pwedeng gayahin ng palay. Samantala ang *katílog* (*Ficus nota*) ay maraming bunga (maging sa trunk) at mahaba kaya ang paghungód gamit ang *katílog* ay nakakasiguro ng mas maraming bunga. Ang *úngay Espanyol* naman na isang punong kahoy na mapula at malapad ang dahon ay inuuna na tinatamin (isang talampakan ang haba) pagsikat ng araw bago ang ang aktwal na pagtatanim ng palay. Mapapansing sa palay, mayroong tatlong uri ng maaaring gamiting hungód gaya ng *bagákay*, *katílog*, *tanglád* at *asukal* naman sa kamote at *úngay Espanyol* naman sa tabako.

Pangunguha ng Dugós o Pulot-Pukyutan

Sa mga bayang sakop ng pananaliksik, mas kilala ang isla ng Sibuyan lalot higit ang bayan ng San Fernando sa pangunguha ng pulot-pukyutan. Malakihan ang produksiyon ng isla ng Sibuyan dahil na rin sa malawak na kagubatang sakop nito. Ang San Fernando ay nasa paanan ng Pambansang Parke ng bundok Guiting-Guiting na tinaguriang Galapagos of Asia dahil sa dami ng *endemic species* ng halaman at hayop. Ito ay isang mayamang bahagi ng kabundukan na binubuo ng sari-saring uri ng hayop at halaman. Ang Bundok Guiting-Guiting, na nangangahulugang “jagged” sa katutubong wikang Iní, ang tinaguriang pinakamataas na bundok sa Romblon na may taas na 2,058 m. (6,752 ft). Isa rin ang bundok ng Guiting-Guiting sa mga mahirap akyating bundok sa bansa. Sakop ng tatlong Munisipyo ng San Fernando, Cajidiocan at Magdiwang ang Mt. Guiting-Guiting. Sa Magdiwang ang paanan ng bukid na kalimitang ginagamit ng mga umaakyat sa bundok bilang panimulaay.

Tahanan din ang bundok ng Mangyang Tagabukid na isa sa mga magagaling na taga-ani ng *dugós* o pulot-pukyutan. Ayon sa nakapanayam, isang paraan upang malaman kung saan makakaani ng *dugós* ay ang pagmanman sa direksyon ng paglipad ng mga bubuyog. Kung pawatak ang paglipad ng mga ito, siguradong paalis ang mga bubuyog upang manguha ng pulot, at kung patagpo sila siguradong pauwi na ang mga ito sa kanilang bahay-pukyutan. Susundan na sila ng mga nangunguha ng pulot upang alamin kung handa na itong anihin.

Iniluluwas din sa probinsya ang mga pulot at nakararating pa sa ibang bansa. Sa pangunguha ng pukyutan, may mga katawagan din ang mga tao sa mga kahoy na maaaring gamiting pampausok at klase ng bubuyog at bahagi ng bahay na maaaring anihin. Naobserbahan din na sa bayan ng Cajidiocan, Magdiwang at San Agustin, may mga umaani din ng *dugós*.

Pagkuha ng Dugós o Pulot-Pukyutan (Sibuyan). Ang pagkuha ng pukyutan sa isla ng Sibuyan ay isang industriya. Maraming mga tao ang nabubuhay sa ganitong gawain at kadalasan ay inilalabas ng Sibuyan ang mga naaning *dugós* o pulot-pukyutan. Itinuturing na isa sa iilang natitirang bundok sa arkipelago ang Mt. Guiting-Guiting na may lawak na 10,000–15,000 hektarya mula sa kabuuang lawak ng Sibuyan na 44,500 hektarya na katatagpuan ng ng iba’t ibang uri ng halaman at mga bulaklak (Meneses et al., 2022). Ang uri ng *dugós* na nakukuha rito ay tinatawag na *wild honey*. Isa sa mga problemang umuusbong dito ay ang pagsulpot ng mga gumagawa ng pekeng *dugós*. Ito ay nagagawa sa pamamagitan ng pagtunaw ng asukal at inihahalo sa tunay na *dugós*. Dahil dito, nagmumukhang purong *dugós* ang nasa lalagyang bote kahit na hindi.

Proseso ng Pagkuha ng Dugós Pukyutan. Una, ihanda ang *urók* at kawayang gagamitin sa pag-urók. Pangalawa, alamin muna kung saan ang direksiyon ng hangin. *Paasuhán* o magpausok muna sa ibaba na nasa isip ang direksiyon ng hangin upang ang usok mula sa ibaba ay patungo sa bahay-pukyutan. Pangatlo, itali ang mga kawayan gamit ang *bayágon* o baging sa katawan ng puno habang

umaakyat. Magsisilbing hagdan ang mga kawayan paakyat. Ligtas ito dahil kalimitang basa ang puno at madulas akyatin. Kailangan ang tatlong kawayan (nakadepende ang dami ng kawayan sa taas ng puno) para maisagawa ang pag-urók. Pagkatapos, maaari nang akyatin ang punong kinalalagyan ng pukyutan. Pang-apat, pagkaakyat, simulan ang pag-urók at pagpapausok sa itaas ng puno gamit ang *agipót* para lumayas ang mga pukyutan. Kailangang dumistansya sa puno ang taong magsasagawa ng pag-urók upang maiwasang makagat ng mga pukyutan. Panglima, hintayin hanggang umalis ang mga bubuyog. Kapag wala nang *táwo* o bubuyog saka hihiwain ang bahay pukyutan sa pagkakadikit nito sa puno at dahan-dahang ilalagay sa balde. Ang taga-ani ng pukyutan ay kalimitan mga lalaki. Maaaring isa o dalawang tao ang kailangan sa pag-ani.

Kapag naibaba na ang balde kung saan andon ang bahay-pukyutan, lalinisan na ito. Tatanggalin ang *omô* o mga naipong *pollen* ng halamang pinagkukunan ng mga bubuyog ng nektar. Kapag wala ng *omô* ay puwede nang pigain ang bahay-pukyutan upang maikatas ang **dugós** o pulot.

Maingat na tinatanggal ng taga-ani ng pukyutan ang *omô* o naipong *pollen* ng sari-saring bulaklak na makikita sa paligid ng bahay-pukyutan gaya ng *pollen* ng bulaklak ng kalabasa, naga o iba pang pinagkukuhanan ng pulot ng pukyutan. Kinukuha ito bago ang pagpiga dahil mapait ito pag naihalo sa *dugós* o pukyutan. Mahihirapan ding dumumi ang makakakain ng pulot na nahaluan ng *omô*. Pumuputok din at nababasag ang bote na pinaglalagyan ng pulot kapag nahaluan ng *omô*. Ginagawa ding parang kandila ang wax ang pinagpigaan ng pulot.

Ang *udlán* ng larva ang *linghod* o maliit pa na pukyutan at ang parte ng bahay-pukyutan kung saan sila pinapalaki ng mga *tawô* o pukyutan. Kabilang ang *udlán* sa masasabi na *exotic food*. Ginagataan ito ng mga taga-San Fernando.

Halos parehas ang ibig sabihin ng mga salitang *agipót*, *bayágon* at *urók*. Samantala, ang pukyutan ay tinatawag na *dugós* sa San Agustin at San Fernando. May salita ring *tayhóg* sa San Agustin na nangangahulugang pagkadistorbo sa bahay ng mga bubuyog o pukyutan.

Malalaman ang pagiging puro o tunay ng isang pulot sa pamamagitan ng mga ilang paraan. Kabilang na dito ang pag-observa kung mayroong mga bula o bubbles ang pulot. Ang mga bula ang makapagsasabi kung puro ang pulot. Isa pang paraan ay ang pagsawsaw sa pulot ng isang palito ng posporo. Makalipas ang ilang sandali, ikikiskis ang palito. Kung magsisindi, tunay ang pulot at kung hindi naman ay itoy peke. Ang isang bote (350 ml) ng sariwa at puro na pulot ay nagkakahalaga ng PhP 250.

Maingat at sinusundan ang proseso sa pag-ani sa mga pulot upang maiwasan ang matusok ng mga *sting* o *ungon* ng pukyutan. Nakakaiwan ng ungon ng pukyutan sa balat. Iniingatan ng nangunguha ang *matayhog* o aksidenteng magalaw ang bahay ng pukyutan.

Ang iba't ibang uri ng bubuyog ay ang *kiwót*, *bungkos* at *kabuyáy*. Ang *kabuyáy* na marami sa San Agustin ay may kulay berde na pulot at sinasabing mas sustansiyá ito.

Industriya ng Pagmamarmol o Pagmamarmol

Pagmamarmol ang pangunahing pagkakakilanlan ng Romblon bilang isang lalawigan. Ang industriya ng pagmamarmol ay matatagpuan lamang sa kabisera ng lalawigan, ang isla na bayan ng Romblon, Romblon. Dito, halos karaniwan nang makakita ng kahit anong likhang-kamay na *marbol* o marmol sa kalsada o mga maliliit na piraso nito. Mula sa tradisyunal na pagmamarmol, naging makabago na ang mga kagamitan dito at halos karamihan ay gumagamit na ng makina upang mas mapadali ang pagproseso ng marmol. Sa kabila nito, marami pa rin ang gumagamit ng tradisyunal na kagamitan.

Proseso ng Pagmamarmol. Una, butasan ang *bloke*. Kung sakaling ang marmol ay nakabaon pa sa lupa gamitan ito ng bareta upang mahukay o *maakad*. Inaabot ito ng isang araw hanggang isang lingo. Pangalawa, pagkatapos butasan, pasakan ito ng *konyá* saka pukpokin, habang pinupukpok ang marmol magkakaroon ito ng bitak. *Tarorò* ang tawag sa bitakna nabuo sa pagpukpok sa marmol na pagsisimulan ng pagbitak ng blokete. Ito ang lamat na nagmula sa natural na kahinaan ng marmol, ang *supat* o grains nito. Ayon sa bloketista o nagbobloke, mahalaga na apat na *hampil* ang gagamitin, tigdalawa bawat gilid upang maiiwasan ang pagtalsik ng konyá habang itoy minamaso pabaon sa bitak na una nang ginawa mula sa *supat* ng marmol. Naiiwasan din ang pagkaipit ng konyá kung sakaling sisikip na ito sa bitak. Ang paggamit ng hampil ang pinakaepektibong paraan ng paggayat ng marmol sa mismong minahan maliban sa paggamit ng sopistikadong makina. Pangatlo, ang pagtarorò sa bloke ay dapat nasa mismong gitna ng marmol. Pang-apat, kapag nahati na ang ang bloke sa gitna, hahatiin ito ng *papabor* (paayon sa hibla ng marmol ang pagpukpok katulad ng sa gilid ng bloke para mahati ito sa mas maliit na bahagi). Panglima, pagkatapos hatiin sa mas maliit na bahagi, hatiin naman ito ng *pautód* (pahati na hindi ayon sa hibla ng marmol) para makabuo ng *robols* o *limpá*. *Kutád* ang tawag sa pagpipiraso sa mga marmol. *Andámyo* (isang malapad na tabla) ang ginawang tulay sa pag-akyat bloketè sa *hauling truck*.

Laki at Sukat ng Marmol. Pinakamalaki ang *blokete* na hinahati pa sa mga quarry.

Sari-sari ang sukat ng blokete-mayroong 30x60, 60x100, 100x120 metro kuwadrado. Lahat ng sukat na lampas 100 metro kuwadrado pataas ay pinagkukuhanan ng espesyal na hati na tipak. Pinoproseso ang blokete upang gawing likhang-kamay gaya ng *figurines*, *tiles*, *ballusters* at iba pa. Ang mga *marble figures* na malalaki ay mula sa mga blokete na walang espisipikong sukat. Nakadepende ang laki ng rebulto sa naminang blokete. Kung may mga espesyal na sukat ang pinapagawang rebulto, hahanapan ito ng iskultor ng tamang laki ng blokete.

Sunod, ang *robols* (mula ang salita sa Ingles na *rubbles* o maliliit na bato, tatlo hanggang anim na pulgada sa diametro) ay tipak ng marmol na resulta ng pag-akad. Pinoproseso ang robols upang gawing likhang-kamay at *riprap*. Dinudurog ang robols upang gawing *graba* (hindi lalaki sa dalawang sentimetro sa diametro)

na panghalo sa semento o paggawa ng kalsada bilang pamalit sa karaniwang graba. Samantala, ang *limpá* ay manipis na medyo malapad na bato na hindi tinanggap para sa ibang likhang-kamay. Ito ay *reject* na mas maliit sa robols ngunit mas malaki nang kaunti sa graba.

Bukod sa likhang-kamay isang produkto ay ang *calcium carbonate* sa pulbos na marmol na ginagamit sa iba't ibang industriya, kabilang ang konstruksiyon at paggawa ng pintura. Tone-tonelada ang iniluluwas sa isla bilang isang kalakal. Ayon sa nakapanayam, inihahalo ang calcium carbonate sa *animal feeds*.

Samantala, upang ipakilala ang buhay ng isang blokedor, isang awit ang isinulat ni Jun Mariño, isang konsehal ng bayan ng Romblon. Pansinin ang koro:

Blokedor, blokedor ang tawag sa akon (Blokedor, blokedor ang tawag sa akin)
Blokedor, blokedor pangabuhian ko (Blokedor, blokedor ang hanapbuhay ko)¹

Ang pagiging blokedor ay isang hanapbuhay sa isla ng Romblon, Romblon. Sa pagpapatuloy ng awit, ikinuwento ng may akda ang pang-araw-araw ng gawain ng isang blokedor. Magmula sa pagpasok nito sa quarry at sa pagpukpok at pagsinsil sa marmol gamit ang sinsil at konya upang maproseso ito sa mga sukat na hinihingi ng pabrika. Ang blokedor ang nasa pinakalalayan ng mga nagtatrabaho sa marmolan. Sila ang pinakaunang nagpoproseso ng bloke-blokeng marmol mula sa quarry sites.

Nakasalamin rin sa awit ang pagiging hikahos ng ganitong hanapbuhay. Lingguhan ang sahod. Nakaporma karaniwan ang karamihan sa mga blokedor pagkakukuha ng sahod upang mag-relax sa bayan at uminom ng serbesa. Kilala ang karamihan sa kanila sa pagiging masayahin kapag araw ng sahod. Buhay na buhay ang *night life* sa bayan ng Romblon, Romblon dahil sa nakagawiang pagsasaya ng mga blokedor.

Bukod sa trabaho ng mga blokedor, karaniwang makikita ang isa pang mukha ng industriya ng pagmamarmol. Makikita sa tabi ng mga quarry ang isa pang uri ng hanapbuhay. Kalimitan, sa gilid ng kalsada, sa harap ng isang quarry makikita ang mga nakalinyang pansamantalang kubol na gawa sa pinagtagpi-tagping sako ng semento na ginawang dingding at nakatahing dahon ng niyog ang nagsisilbing bubong. Sa pansamantalang kubol na ito kalimitang nagtitiltil ng marmol ang mga kababaihan upang makadagdag ng kita sa pamilya. Hinihingi nila ang mga hindi na mapapakinabangang tipak ng marmol na *by-product* ng pagblokete. Karamihan sa kanila ay asawa o kamag-anak ng blokedor.

Sampung piso ang halaga ng isang sako na natiltil na robols. Lima hanggang sampung sako ang kayang matiltil ng isang babae sa loob ng isang araw. Ang mahirap daw ayon sa kanila ay ang pagbuhat ng halos 50 metro sa tipak ng marmol mula sa quarry site na tungo sa kubol. Sa kabilang banda, ang pangalawang yugto na pinagdadaan ng isang marmol mula sa quarry ay totoong kapana-panabik. Ang Romblon, Romblon naman ang naging sentro ng paglililok ng marmol na siyang naging isang pangunahing pangkabuhayan ng mga nakatira sa lugar.

1 Sariling salin ang lahat ng salin ng awit

Napapalibutan ang kahabaan ng pier ng Romblon ng mga tindahan ng mga samu'tsaring disenyo ng piguring marmol at mga naglililok nito. Ang turistang bibili ay maaaring mag-personalize ng kanilang bibilhin sa pagpapaukit ng kanilang pangalan o anumang dedikasyon na kanilang ipapalagay. Ang yunit na ginagamit sa bawat aytem ay pulgada para sa taas, lapad, at haba kapag ito ay normal na sukat. Pero kapag malalaki na talaga, halimbawa kasing taas o mas malaki pa sa tao, ang presyo ay base sa volume at nakadepende sa usapan ng mamimili at ng gumawa. Ang mga sumusunod ang ilan sa mga uri ng marmol na meron sa Romblon.

Ang *Century* na klase ng marmol ang pinakamahal dahil konti lang ang deposito nito sa Romblon. Ang katawagang century ay binatay sa itsura at texture ng marmol. Kung susuriin ang kulay nito, napakaluma at maraming crack na para bang pinaglumaan ng panahon. Ang isang banga (limang galon na lalagyan) na gawa sa Century ay nagkakahalaga ng sampung libong piso.

Ang *Ilauran White* naman na namimina lamang sa Barangay Ilauran ay matatawag na class A na uri ng marmol na mas mahal sa *Tiger White*. Ang isang pigurin na Spanish Gallon na gawa dito ay may halagang isang libo't limang daang piso. Ang sukat ng pagkakayari ay kalimitan nakadepende sa nais ng mamimili, mayroong taas na 12 pulgada, may habang 40 hanggang 50 pulgada at lapad na aabot 15 hanggang 20 pulgada.

Ang pinakamurang uri naman ng marmol ay ang *Tiger White* (ang pattern ay parang sa tigre at kulay abuhin) dahil sa dami ng deposito nito sa probinsiya. Mas maraming produktong marmol ang magagawa mula dito. Ang mga aytem na ginagawa mula sa bawat kategorya ng marble ay nakadepende sa gusto ng kostumer ngunit karaniwan, ang tiger white ay ginagawang lapida, slabs, tiles o baluster.

Isa pang uri ng marmol na bihira sa lugar ay ang *Green Onyx*. Ang *Green Onyx* ay uri ng marmol na kulay puti na may mga guhit na kulay berde. Tulad ng *Century*, ang *Green Onyx* ay mamimina lamang sa ilang lugar sa sitio Kayuing, Barangay Cajemos at sa Barangay Ilauran. Ang isang pigurin na dragon na *Green Onyx* ay may halagang apat na libong piso. Ang *Naguso Black* ay sa isla ng Naguso lamang namimina at ang *Alad Black* ay sa isla ng Alad lang din.

Ang marmol na leon naman ay kalimitang gawa sa uri ng marmol na *Golden Gray*. Ang *Golden Gray* ay kulay abo na may mga guhit na puti habang ang *Tiger White* ay kulay abo na may mga guhit na mapusyaw na itim at puti. Tulad ng *Tiger White*, maraming deposito nito sa halos lahat ng minahan sa buong isla. Halos magkasinghalaga lamang ang dalawa.

Paglayá ng Banig

Ang *paglayá* ng banig ay isang karaniwang hanapbuhay ng mga taga-Silangang bahagi ng isla ng Romblon, partikular sa mga barangay ng Li-o, at Guimpingan. Karaniwang mga kababaihang tinuturing na maybahay ang mga *naglalayá* ng banig, dahil ang mga kalalakihan ay nagtatrabaho sa mga pagawaan ng mga likhang-kamay na marmol o sa mga minahan nito. Ang ilan sa kanila ay mga

balo na at nasa edad na 50 pataas. Ginagawa nila ang paglaya kapag tapos na ang gawaing bahay. Ang industriyang ito ay nanganganib mawala dahil karamihan ng mga naglalayá ay mga matatanda na habang ang mga kabataan ay nagkakaroon ng pagkakataong mag-aral sa bayan at magkaroon ng ibang trabaho.

Pinipili rin nang maayos ang mga dahon ng *bulí* na isang halaman mula sa pamilyang *Arecaceae* o mga palmera na ginagamit sa paglayá at karaniwang ginagawa ang mga ito ng tag-araw dahil ibinibilad ang mga *nilíkid* (nililid na tuyong dahon ng buli pagkatapos lílasin) na bulí. Ang buli ay may malalaking dahon na hugis-pamaypay na may matitibay na tangkay na umaabot mula dalawa hanggang tatlong metro (pito hanggang 10 talampakan) ang haba. Ang puno ng palma ay umaabot ng taas na 20 hanggang 40 metro (66 hanggang 131 talampakan), at ang puno nito ay may diyametro na isa hanggang isa't kalahating metro (tatlo hanggang limang talampakan). Ang mga puno ng buli ay saganang tumutubo sa mga bakuran. Ang dahon ng buli ay ibinababad sa kumukulong tubig na may tina upang sumipsip ito ng kulay. Ang prosesong ito ay nagdaragdag ng iba't ibang kulay at disenyo sa mga banig, na nagbibigay ng mas maganda at kaakit-akit na anyo sa mga ito.

Proseso ng Paglayá ng Banig. Una, *magkuyhád* (pag-ani o pagtanggap ng matandang dahon) ng bulí na gagamitin sa paglayá. Sunod *buntayón* o paghiwalayin ang pinatuyong dahon sa *kógong* o tingting. Tapos ay *ilílas* o linisin ang dahon gamit ang *sipóy* o maliit na kutsilyo at *ilíkid* o ililid ito. Pagkagawa ng mga lílas ayon sa ibig na lapad, maaari nang maglayá. Maaaring maglagay ng *sabát* (lílas ng banig na may kulay o disenyo). Kung may bahaging *hayát* o maluwig, *baskarón* o tanggalin ang bulí sa pagkakahabi upang ayusin. Pagkatapos, *isápay* o isasara na ang banig na ginagawa.

May dalawang baryasyon ng paglayá ng banig sa mga bayang nagsasalita ng Iní. Sa San Agustin at Romblon, ibibilad muna ang bulí bago ilíkid habang sa mga taga-Sibuyan ay maaari nang kulayán bago ibilad at ilíkid.

Umaabot ng isang araw ang paglayá ng maliit na banig, habang hanggang dalawang araw naman ang banig na *tinagsa* o banig na may kulay. Ang maliit na banig ay karaniwang may sukat na 40 at 60 pulgada. Maaaring ibenta ng PhP 40 ang karaniwang banig habang PhP 60 naman ang tinagsa. Ipinagbibili ang banig sa bayan sa palengke o 'di kaya'y kinukuha ng bultuhan ang mga nagbebenta nito.

Paglayá ng Kayò o Salakot

Ang paggawa ng *kayò* o salakot ay isa sa pangunahing kabuhayan ng mga taga-Barangay Agnipa, Romblon. Karamihan sa mga pamilya rito ay gumagawa ng mga kayò para pagkakitaan. Ang kayò ay ginagamit ng mga tao sa lokal na kabuhayan o maaaring gawing palamuti o dekorasyon.

Proseso sa Paggawa ng Kayò. Mula sa bulí, ang unang proseso ay ang *paglílás* o pagtanggap ng kugong o pinakgulugod ng dahon ng buli. Ang tuyong nilílas na dahon ng buli ang gagamitin ngayon sa paglayá o ang proseso ng paghahabi

ng kayò. Para maiwasan ang *pagbaskad* (o pagtanggap ng pagkahabi) ng bulí, mayroong prosesong tinatawag na *pagsápay* o ang pagsara ng pinakadulong bahagi ng nilalang bulí. Pagkatapos, isusunod na ang *paghulip* o ang pagkakabit ng *nitô* (na maaaring kulay puti o itim) sa nilalang bulí. Sa paghati o *pagbuak* ng nitô, kinakailangang kunin ang pinakabituka o tinae nito. Palalaparín ang nitô upang maihulip o maihabi sa nagawa ng banig na hugis kayò. Nagsisilbi itong palamuti at pampatibay na rin ng salakot. Isusunod ang pagkakabit ng kawayang pinabilog sa hinabing kayò na tinatawag na *bayawbáw*. Pagkatapos nito, ikakabit na ang *palis* o nito na hinulmang bilog katulad ng singsing na ginagawang pabitin ng kayò. *Tubò-tubò* naman ang tawag sa pinakatuktok na bahagi ng salakot. Ang produktong kayò ay ibinebenta sa lokal na pamayanan at ini-eksport din.

Karaniwan, ibinebenta ang isang pirasong kayò na may diametrong 12 pulgada noong 2018 sa halagang PhP 65. Sa loob ng isang araw, nakayayari sila ng tatlong salakot na nagsisilbing pangunahing pinakukunan ng ikabubuhay ng mga gumagawa nito. Kadalasan, nakukuha lamang sa lokal na paligid ang mga nitô na ginagamit sa paggawa ng kayò pero bumibili rin naman sila kung minsan sa ibang bayan sa Romblon kapag nauubos ang supply.

PAGLALAGOM AT KONKLUSYON

Isang komprehensibong lingguwistikong etnograpiya ng pamayanang Iní sa Romblon sa mga domain ng topograpiya at sistemang pangkabuhayan ang naging output ng pananaliksik. Nailagom din ang pagtanaw at tugon ng pangkat sa kalagayan ng kanilang wika at kultura na nauukol sa mga domains na nabanggit. Sa kalagayan ng wika, masasabi na masigla at mayaman pa ito at hindi nanganganib dahil ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipag-usap at pamumuhay lalo na sa paggamit sa Domeyn (Larangan) ng pangkabuhayan. Nakatas ang kasagutan dito sa pamamagitan ng pag-aanalays at pagsusuri ng mananaliksik sa aktuwal na danas niya sa komunidad.

Bilang isang lalawigang napapalibutan ng dagat at bundok sa gitna, mayaman ang mga salitang Iní na may kinalaman sa anyong tubig at bundok, na sumasalamin sa malalim na ugnayan ng topograpiya, wika, at kabuhayan. Ang tatlong isla—Romblon, Tablas, at Sibuyan—ay parehong napapalibutan ng dagat at mga bundok na nagdikta sa sistema ng kabuhayan ng mga pamayanang Iní, na nagresulta sa paglago ng natatanging bokabularyo ng pangkat (Nuncio et al. 2020). Sa mga sistemang ito, lumitaw at namukod-tangi ang mga gawaing pangkabuhayan tulad ng produksyon ng walis (mula sa tambo sa mga bundok), paghuli ng Bolinaw, paggawa ng buro o ginamos, pangingsda o pagpamunit, pangulóng, pagtáan, pamamanà sa pangingsda, pagbáyoy o pagdadaing (mula sa dagat na nakapalibot), pagtanóm o pagtatanim, pangunguha ng dugós o pulut-pukyutan, paglayá ng banig, at paglayá ng kayò o salakot (mula sa kagubatan) at pagmamarmol (mula sa deposito sa Romblon).

Ang paraan ng pagkukunan ng kabuhayan ng mga pamayanan ay direktang may kaugnayan sa kanilang kapaligiran, na nagdudulot ng homeostatiko o balanseng relasyon sa pagitan ng pamumuhay at yaman ng kalikasan (Baterina 2017; Nuncio et al. 2020). Nakita sa pag-aaral na malaki ang implikasyon ng lokasyon at pinagkukunan ng yaman sa pamumuhay ng mga tao sa isang lugar, kung saan ang mga Ini ay gumagamit ng mga yamang ito nang hindi lubhang nakakasira sa kapaligiran, na sumasalamin sa malalim na pag-unawa at adaptasyon ng pangkat sa kanilang topograpiya at ekosistema (Sartini and Sanubarianto 2022; Suatengco at Joaquin 2019). Ang kapaligiran naman ay nagbibigay ng mga pangangailangan ng komunidad, tulad ng sa pangingisda, pangunguha ng pulot-pukyutan, paglayá ng banig at salakot, at maging sa pagmamarmol na sustainable at epektibo sa paggamit ng deposito. Ipinapakita nito kung paano ang eco-leksikon ng pangkat Ini ay sumasalamin sa kanilang kultura at likas na yaman, na naglalaman ng mga nuances ng kanilang interaksyon sa kapaligiran (Lubis at Widayati 2022).

Sa pagmamarmol, hindi nakitaan ng labis na pagsasamantala o pagkasira sa dami ng deposito ng marmol, na nagpapakita ng sustenableng pamamaraan sa pangmatagalang panahon. Ito ay pinahusay pa nga dahil epektibo ang paggamit ng mga pinagkukunang yaman at nababawasan ang pagsasayang, na sumasalamin sa malalim na ugnayan ng komunidad sa kanilang kapaligiran at eko-leksikon (Baterina 2017; Lubis at Widayati 2022). Ang lahat ng namimina ay nagagamit: mula sa mga blokete na ginagawang rebulto at malalaking slabs na ginagawang mesa, ang mga robol at limpa na nagagamit sa konstruksiyon at paglililok ng mga maliliit na likhang-kamay, tiles, ballusters, atbp. Maging ang mga tipak ng bato mula sa pag-akad at pulbos ng marmol ay iniluluwas bilang calcium carbonate. Bagamat mahirap ang pagmamarmol, nagbibigay ito ng kabuhayan maging sa mga kababaihan na nagtitipak nito, na nagpapatunay ng inklusibong adaptasyon sa topograpiya at ekonomiya (Nuncio et al. 2020). Mapapansin na aktibong napapamahalaan at napoprotektahan ang kapaligiran para sa pangmatagalang kapakanan ng komunidad, na tugon sa dinamikong interaksyon ng wika, kultura, pamumuhay at likas na yaman (Suatengco at Joaquin 2019; Sartini at Sanubarianto 2022).

Sa konteksto ng pag-aaral ng ugnayan ng pamumuhay at topograpiya, nagpalalim ang lingguwistikong etnograpiya sa pag-unawa sa lokal na kaalaman, kasanayan at pananaw ng pangkat. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa wika na ginagamit ng mga taong naninirahan sa lugar at sa kanilang sistema ng pamumuhay, mas nabigyan ng linaw ang kanilang pananaw tungkol sa kapaligiran. Halimbawa ang lokal na termino sa ibat-ibang uri ng paraan at paniniwala sa pagtatanim, pangingisda, uri at bahagi ng bangka, mapapansin na mayaman ito. Sa pagmamarmol, nagkaroon ng partikular na katawagan ang mga uri ng marmol pati ang laki nito at ang pagproseso sa mga likhang-kamay. Mga katawagan ito na bunga ng sistemang pangkabuhayan at topograpiya. Bukod sa yaman ng wika, natukoy din ang kasanayan at pamamaraan ng pangkat sa pagproseso ng likas-

yaman na nagbunsod sa pamumukod-tangi ng mga pangkabuhayang nabanggit. Sa mga salitang ginagamit sa mga gawaing pang-agrikultura gaya ng pagtatanim at paggawa ng walis tambo at pangingisda gaya ng pangulong at pagburo ng dilis at pagbilad dito ay nakapagbigay ng impormasyon tungkol sa kanilang kolektibong kasanayan at pamamaraan na nalinang sa loob ng maraming taon. Sa kontekstong Iní, ang mga terminolohiya sa pangingisda at pagsasaka ay hindi lamang mga salita kundi mga salamin ng adaptasyon, inobasyon, at matinding pag-unawa sa kalikasan, na nagpapakita ng isang mayamang etnolingguwistikong kaban ng kaalaman (Suatengco at Joaquin 2019).

Ang pag-aaral naman sa mga pagbabago o pag-unlad sa wikang ginagamit para pag-usapan ang sistemang pangkabuhayan ay nagbigay ng mga pahiwatig tungkol sa mga pagbabago sa kabuhayan mismo. Halimbawa, ang paglitaw ng mga bagong salita para sa pangulong at pagmamarmol ay nagpapahiwatig ng patuloy na pag-unlad ng industriya at ng wikang kasakay nito. Ang ugnayan na ito ay nagpapakita kung paano ang mga natatanging katangian ng kapaligiran ay humuhubog sa mga pangkabuhayang gawain at, sa huli, sa leksikal na pag-unlad ng isang komunidad (Baterina 2017).

Sa pamamagitan ng pagsasama ng lingguwistikong etnograpiya, ang pag-aaral ng ugnayan ng pamumuhay at topograpiya ay nagiging mas holistiko at nakapagbigay ng mas malalim na pag-unawa sa komunidad. Hindi ito nakatuon sa simpleng paglago ng wika, kundi sa mas malalim na kahulugan ng paglago na ito. Seminal ang pag-aaral na ito upang magkaroon ng datos na malaman kung paano sumasalamain ang pagbabago ng wika at paglago ng bokabularyo sa pagbabago ng pamumuhay, pakikipag-ugnayan, at pananaw sa kanilang teritoryo. Ang mga pagbabagong ito ay nagkaroon ng epekto sa kultura at tradisyon ng pangkat, na nasasalamain sa paglago ng kanilang wika. Ayon nga kay Aikman (2017) ang paglago ng wika ay hindi lamang isang simpleng pagbabago sa komunikasyon. Ito ay repleksyon ng mas malalalim na pagbabago sa kanilang pamumuhay, relasyon, at pananaw sa mundo. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa ugnayan ng topograpiya at pamumuhay at paggamit ng lingguwistikong etnograpiya, maaaring mas maintindihan natin ang kahulugan ng paglago na ito at ang mga hamon at oportunidad na kinakaharap ng mga komunidad na katulad ng pangkat Iní.

Masasalamain ang penomenon sa epekto ng pagiging arkipelahiko ng lalawigan na nagprotekta sa katangian ng wika sa bawat isla. Masasabi na isa sa mga epekto ng topograpiya ay ang pagkakaroon ng hanapbuhay na likas sa isla kung saan kasakay nito ang mga wika ng hanapbuhay na hindi matatagpuan sa ibang isla kagaya ng industriya ng marmol sa kabiserang isla ng Romblon at paggawa ng walis sa bayan ng San Agustin sa isla ng Tablas. Gayunpaman, ang pagpapatuloy ng migrasyon at pagdami ng interaksyon sa labas ng komunidad ay nagdudulot ng hamon sa pagpapanatili ng orihinal na anyo ng wika, na posibleng maging sanhi ng pagkawala ng mga natatanging terminolohiya na nauugnay sa kanilang topograpiya at kabuhayan (Catoto 2022). Makikita ang penonemong

ito sa bokabularyo ng hanapbuhay ng pangulong na karamihan ay hiram mula sa karatig isla ng Mindoro. Sa kabilang banda, kung laganap naman ang hanapbuhay sa tatlong isla, nagkakaroon ng varayti sa wika ngunit napapanatili pa rin ang katutubong karunungan gaya na lamang ng hanapbuhay na laganap sa pangkat – ang pangangisda at pagtanim.

Naging pangunahing impluwensya ang topograpiya na siyang nagtakda ng kabuhayan at ang kasakay nitong wika at kultura. Ang dagat at bundok ang lumilok sa kamalayan ng pangkat Iní. Mapapansin na sumasabay ang wika at kultura ng pangkat sa proseso ng pagbabago na dala ng migrasyon na bunsod ng paghahanap ng kabuhayan. Kung anong kabuhayan meron ang isang lugar, nadadala dito ang katawagan ng mga karatig-bayan kasabay ng mga hiram na salita. Ito ay nagpapakita ng dinamikong ugnayan sa pagitan ng wika, topograpiya, at ekonomiya, kung saan ang heograpikal na pagkakahiwalay ay nagpapanatili ng pagkakaiba-iba ng wika habang ang interaksyon sa mga kalapit na rehiyon ay nagdudulot ng leksikal na paghiram at pag-angkop (Catoto 2022; Nuncio et al. 2020; Baterina 2017; Lobel 2002). Napapanatili naman ang pagkakaiba-iba ng wika at katutubong karunungan dahil sa heograpikal na pagkakahiwalay ng isla ng Romblon at isla ng Tablas, kagaya ng mapapansin sa pagkakaiba sa katawagan ng mga daing na isda at paraan ng paggawa ng ginamos.

Sa huling bahaging ito, sa pagsinop ng lahat ng tugon, reaksiyon, at pananaw ng mga katutubo hinggil sa kaligtasan ng kanilang wika at kultura, napansin na bagamat may pagkakaiba sa mga katangiang pangkultura, sistemang pangkabuhayan at topograpiya—tulad ng mga natatanging terminolohiya sa pangangisda, pagmamarmol, at agrikultura sa bawat isla—nagkakaisa ang mga ito sa pagpapanatili ng mga kaugalian at pamantayan sa buhay na nalinang ng kanilang topograpiya at pamumuhay (Hicana 2024; Catama et al. 2024). Ito ay nagpapatunay sa pagkakakabit ng wika, kultura, kabuhayan at kapaligiran na ipinapakita sa buong pag-aaral, na nagiging pundasyon ng pagpapanatili ng lokal na kaalaman at kasanayan ng pangkat. Samakatuwid, iminumungkahing gamitin ang nakalap na lingguwistikong etnograpiya at ang kasakay nitong kultura sa edukasyong pangkultura ng komunidad, at ipalaganap ito upang higit na pagyamanin ang diskursong Filipino, na tinitiyak ang pagpapatuloy para sa kasalukuyan at darating na henerasyon.

Pasasalamat

Isang taos-pusong pasasalamat ang nais ipaabot sa lahat ng taong tumulong: Kgg. Eduardo “Lolong” Firmalo, Gobernador, Probinsiya ng Romblon, sa lahat ng tagapag-ingat ng tradisyon na nakapanayam at sa lahat ng mga konsultant/balideytor.

Malaking pasasalamat din ang pinapaabot sa Komisyon sa Wikang Filipino sa grant na ipinagkaloob at sa pagbigay ng pahintulot na mailathala ang bahagi ng pananaliksik.

SAMPOL NA GLOSARI

Mga Daglat

Png	pangngalan
Kom	komersiyo
Agr	agrikultura
Psd	pangisdaan
Pnd	pandiwa
Ptn	pagtatanim
Kar	karpenteriya
Bot	botanika

KAGAMITAN SA PAGGAWA NG WALIS

- aguhò** *png Kom:* malaking karayom na ginagamit sa pagtatahi ng jumbo na walis
- atís-atís** *png Kom:* estilo ng pagtahi ng walis tambô na kung saan ang hawakang yari sa kahoy ay binalot sa plastic.
- bangisan** *png Kom:* hulmahan ng hawakan ng walis tambô
- bóyak** *png Agr:* bulaklak ng luwáy; parte ng luwáy na tinatangal sa pamamagitan ng paghampas sa semento o kahoy; kadalasang makati sa hindi sanay.
- buríl** *png Agr:* matulis na pantusok na may guwang kung saan pinapadaan ang karayom na pantahi sa walis tambô
- layà-layà** *png Agr:* estilo ng pagtahi ng walis tambô gamit ang rattan bilang pantahi sa luway o tambo sa kahoy na hawakan nito
- luwáy** *png Agr:* púno na ginagawang walis tambô

KAGAMITAN SA PAGTÁAN

- pamatáw** *png Psd:* karaniwang yari sa plastik na nagsisilbing pampalutang ng lambát
- pamatô** *png Psd:* mabigat na bagay na nakakabit sa habóng na nagsisilbing panimbang; pabigat para lumubog ang pain
- sáyap** *png Psd:* lambat na panghuli ng luta; nakahuhuli rin ng dilis

TERMINOLOHIYA NA MAY KINALAMAN SA PANGULÓNG

- bóya** *png Psd:* dinadapuan o pinangingitlugan ng mga isda hanggang lumaki; inaabangan ng mga tauhan ng pangulóng para pag-ariyá (aggregating device)
- galayán** *png Psd:* tumutukoy sa unang pagbitaw ng lambat sa pangulóng
- garutsó** *png Psd:* tumutukoy sa paraan ng paghila
- habóng** *png Psd:* pinagkukulungan ng mga isda o palapà ng niyog na nasa ilalim ng bóya na nagsisilbing silungan kung saan dito nangingitlog at nakatira ang mga isda
- halág** *png Psd:* pinakapondo ng bóya kung saan nakakabit ang kayakásan
- haláw** *png, pnd Agr:* pag-aayos ng lubid para ituhog sa *ring* ng pangulóng

kayakásan *png Agr:* tumutukoy sa nakausling bahagi o písi kung saan ikinakabit o itinali ang habóng

pangulóng *png Psd:* malaking bangka na ginagamit sa pagkulong sa mga isda gamit ang lambat

pasadsaran *png Psd:* parte ng lambat sa pangulóng na nagsisilbing bulsa o bunt sa ingles

BAHAGI NG BANGKA

daydayan *png Psd:* suporta sa lambat para hindi mahulog

harsya *png Psd:* lubid na ginagamit na pangsuyporta sa bangka

intabli *png Psd:* gilid na bahagi ng bangka

kajawán *png Psd:* kahoy o kawayan (mga isang dipa ang haba) na kinakabit sa magkabilang dulo ng lambat

kaskó *png Psd:* ilalim na bahagi ng bangka na gawa at inukit sa isang buong matibay na kahoy

kátig *png Psd:* dalawang malalaking kawayan sa magkabilang panig ng bangka na nagsisilbing pantimbang o suporta upang hindi tumaob ang bangka.

palò *png Psd:* mahabang kawayan na kinakabitan ng layàg

pamáyong *png Psd:* unahang bahagi ng bangka

payáw *png Psd:* gamit sa pagpihit ng timón sa direksiyong gusto ng nagdadala ng bangkang de láyag. ito ay karaniwang dalawang tali; balsa na maliit.

pensoti *png Psd:* katulad ng payaw na pampihit din ng temon sa bangkang de motor ngunit ito ay isang kawayan lang na kalimitan ay sa kanan

polín *png Psd:* maraming bilog na kahoy na nilalagay sa ilalim o kasko; nagsisilbing gulong kapag iniaahon ang bangka sa dalampasigan

sungsóng *png Psd:* kahoy na ginawang pantakip sa dulo ng katig na gawa sa kawayan.

tarik *png Psd:* kawayan na kinakabitan ng katig para hindi sumayad

timón *png Psd:* *rudder* na kalimitan ay gawa lang sa isang manipis na bakal

bugsáy *png Psd:* sagwan

URI NG BANGKA

baróto *png Psd:* bangkang pamingwit na pang-isahan; bangka

bílong-bílong *png Psd:* malaking liplíp na dalawa ang layàg; ginagamit sa pamimingwit at pangmaramihan

dayapáng; dyapang *png Psd:* bangkang malapad ang kasko na kargahan ng lambat at gamit sa pangingsda.

liplíp *png Psd:* bangkang maliit at walang nimpo; ginagamit sa karera ng bangka tuwing disyembre

pangkihan *png Psd:* bangkang walang motor na gamit sa pangingsda

pumpboat *png Psd:* bangkang de-motor na ginagamit sa pag-byahe ng tawid-dagat

URI NG PAMAIN

ibis-ibis *png Psd*: makulay na pamain na gawa sa tsinelas na tila isdang maliliit, pain para sa bantalaan, malasugi at tanigue

lambò *png Psd*: balahibo ng manok na ginagamit na pamain para sa kahit anong isda

lokón-lokón *png Psd*: pamáin na parang hipon ang disenyo

sabyóg; sabyót *png Psd*: páin na tila pusit na maliliit para sa maliliit na isda

simbadà o yabè *pnd, png Psd*: kabilaan na paglalaglag at paghíla ng pamain habang sakay ng bangka

sirgá-sirgá *png Psd*: tablang hugis isda na may nakakabit na kawil na may *artificial* na pain na panghuli ng isda. Híla híla ito ng mangingisda habang naglalakad sa tabi ng dalampasigan. Gamit pagkatapos ng bagyo dahil ang isda ay nasa tabi lamang ng dalampasigan.

tirilín *png Psd*: makintab na uri ng pamáin na parang buhok para sa bantaláan o yellow fin tuna

uylóg *pnd, png Psd*: panghuli ng kuyambutan o cattle fish

URI NG UPLAND NA BIGAS:

bigantè *png Agr, Ptn*: kalimitang tinatanim kapag tag-ulan, ito ay kulay pula

garáy *png Agr, Ptn*: pangtag-ulan at puti ang butil

lubáng *png Agr, Ptn*: ang butil ay mahaba at manipis at pula

pinongó *png Agr, Ptn*: medyo pabilog ang butil at kulay puti.

tápay *png Agr, Ptn*: malagkit at kulay itim

GAMIT SA PAGHUNGÓD O PAG-AALAY

bagákay *png Kom, Agr, Ptn*: (*Schizostachyum lumampao*) isang uri ng maliit at manipis na kawayan na halos kasinglaki lang ng mga daliri. Ginagamit dahil sa maraming suhi o saha na pwedeng gayahin ng palay.

katílog *png Bot, Ptn*: (*Ficus nota*) tibig na isang uri ng namumulaklak na halaman sa pamilyang *Moraceae* na maraming bunga (maging sa trunk) at mahaba. Kilala ito bilang *sacking tree* na isang uri ng *fig tree* na matatagpuan malapit sa tubig. Kaya ang paghungód gamit ang katílog ay nakakasiguro ng mas maraming bunga.

pitógo *png Agr, Bot, Ptn*: (*Cycas rumphii* Mig. sa pamilyang *Cycadaceae*) isang uri ng *palm tree* ay may maraming dahon na dikit-dikit at bilog ang bunga. Ginagamit ito upang ang tanim ay magaya ang kanyang karakteristik at magkaroon din ng maraming dahon at bunga.

úngay Espanyol *png Agr, Bot, Ptn*: isang punong kahoy na mapula at malapad ang dahon ay inuuna na tinatanim (1foot ang haba) pagsikat ng araw bago ang aktwal na pagtatanim ng palay.

TERMINOLOHIYA SA PAG-ANI NG PUKYUTAN

agipót *png Agr:* sulo.

bayágon *png Agr:* baging na pantali sa kawayan

dugós *png Agr:* pulot-pukyutan.

omô *png Agr:* mga naipong *pollen* ng halamang pinagkukunan ng mga bubuyog ng *nectar*

púhag *pnd Agr:* pagtaboy sa bubuyog.

táwo *png Agr:* bubuyog.

udlán *png Agr:* uod (larva) na makikita sa pukyutan

ungon *png Agr:* *sting* ng pukyutan

urók *png Agr:* kawayang ginagamit bilang panungkit ng pukyutan.

KAGAMITAN SA PAGMAMARMOL

bareta *png Kar:* bakal na panghukay ng bloke sa lupa

gradela *png Kar:* kagamitan para pakinísín ang marmol

hampil *png Kar:* manipis na kwadradong metal, kalimitan ay apat, tigdalawa sa kabilaan ng *konyá*

konyá *png Kar:* isang solid na bakal na nagsisilbing wedge upang lumaki ang bitak hanggang sa mahati ang marmol o maihugis ito sa isang bloke.

TERMINOLOHIYA SA PAGLAYÁ NG BANIG

baskad *pnd kom, agr:* pagtanggap buli sa pagkakahabi upang ayusin.

buntayón *pnd kom, agr:* paghiwalay ng pinatuyong dahon sa **kógong** o tingting.

hayát *pnd kom, agr:* maluwag ang pagkakahabi.

lilas *pnd kom, agr:* paglinis sa dahon gamit ang **sipóy** o maliit na kutsilyo bago ang paglíkid o paglilid.

sápay *pnd kom, agr:* pagsara sa banig na ginagawa.

kuyhád *pnd kom, agr:* (pag-ani o pagtanggap ng matandang dahon) ng **bulí** na gagamitin sa paglayá.

sabát *pnr kom, agr:* lilas ng banig na may kulay o disenyo.

BAHAGI NG SALAKOT O KAYÒ

kayò *png kom, agr:* uri ng tradisyonal na sumbrerong ginagamit ng mga tao sa lokal na pangkabuhayan at kung minsá'y ginagamit na palamuti o dekorasyon.

bulí *png kom, agr:* *strips* ng pinatuyong mga dahon ng buli o di kaya'y nito na ginagamit sa paghabi ng banig at salakot

Tinaè *png kom, agr:* pinakalaman o bituka ng nitô na kinukuha o iní-extract sa pinakakatawan.

kayaskás *png kom, agr:* nitô na may tatlong hati.

pális *png kom, agr:* nitô na hinulmang bilog katulad ng singsing na ginagawang pinaka-handle o pabitin ng kayò

bayawbáw *png kom, agr:* pinabilog na kawayang pinagkakabitan ng nahulip o nilalang buli na makikita sa pinakalabas na bahagi ng kayò.

tubò-tubò *png kom, agr:* ang pinakatuktok na bahagi ng salakot.

Endnotes

1. Ang papel ay bahagi ng 2019 grant sa Proyekto para sa *Linguwistikong Etnograpiya ng Filipinas* (LEF) ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Ang kabuoang awtput ng saliksik ay nasa Komisyon ng Wikang Filipino, “Repositoryyo ng mga Wika at Kultura,” 2021, <https://kwfwikaatkultura.ph>. Hanapin ang wikang Iní. Inilathala ang bahaging ito ng saliksik na may pahintulot mula sa Komisyon sa Wikang Filipino at sa pamayanan ng wikang Iní.
2. Philippine Statistics Authority, 2020 *Census of Population and Housing*, 2020. Ayon sa census, ang kabuuang populasyon ay 317,800.
3. Ang Así, Onhan at Iní ay kabilang sa 130 wika ng Pilipinas ayon sa *Atlas ng mga Wika sa Filipinas* (2016) na maaakses sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). “Repositoryyo ng mga Wika at Kultura,” 2021, <https://kwfwikaatkultura.ph/mapa-ng-mga-wika/>.
4. Tingnan si R. David Paul Zorc at ang kanyang tree diagram ng genetic relationships ng Bisayan Dialects, *The Bisayan Dialects of the Philippines, Subgrouping and Reconstruction* (PhD diss., Cornell University, 1975), 39.
5. Ayon kay Gabriel Fabella, *The Romblon Archipelago*, Series no. 1: Banton, Calatrava, Concepcion, Corcuera, (San Mateo, Rizal: ITP Press, 1976), 6, tinukoy ni H. Otley Beyer ang wikang Banton hindi bilang isang dayalekto kundi isang wika . Inihayag nman ni David Paul Zorc, *The Bisayan Dialects of the Philippines*, 351, na ang wikang Así ay hindi nabibilang sa anumang subgrouping ng dayalekto ng Bisaya. Ang subgroup ng Así na kinabibilangan ng Banton, Sibale (Concepcion), Corcuera, Calatrava, at Odiongan, ay kumakatawan sa isang tulay sa pagitan ng mga dibisyong Kanluranin at Gitnang Bisaya. Samantala, ang Onhan (Looc, Alcantara, Ferrol, San Jose, Sta Maria, San Andres at Santa Fe) ay kabilang sa West Bisayan Dialect (Karay-a). Tingnan din ang mapa ng wika ni Jason Lobel “An Introduction to the Languages of Romblon Province,” *Sanrokan: A Taste of Romblon—News and Views from Romblon Province, Philippines*, 2002, para sa isang malinaw na presentasyon ng pagpapangkat.
6. Eberhard, D. M., G. F. Simons, and C. D. Fennig (eds.). *Ethnologue: Languages of the World*, 25th ed. (Dallas, TX: SIL International, 2022), <http://www.ethnologue.com>. May humigit kumulang 157,000 ang nagsasalita ng wikang Iní. Sa pag-aaral nakalikom ng 387 na mga salita sa word list at 195 na mga salita sa glosaryo.
7. Komisyon sa Wikang Filipino, *Manwal sa Pagdodokumento ng mga Wika at Kultura ng Pilipinas* (Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2021), 19. Iminumungkahi sa manwal na hindi bababa sa 30 araw ang fieldwork dahil komprehensibo ang gawaing pagdodokumento at nangangailangan ng mga empirikong datos; makikipamuhay ang pangkat nang tuloy-tuloy—hindi pasulpot-sulpot—sa komunidad.” Bukod dito, ang mananaliksik ay kabilang sa pangkat Iní.
8. Tingnan ang seksiyong “Proseso sa Paghahanda at Balidasyon ng Manuskrito” sa papel na ito para sa bilang ng mga informant, hanay ng edad, kasarian, sosyo-ekonomiko, at *educational background*. Pagkatapos ng isang buwang fildwork noong kalagitnaan ng Mayo hanggang Hunyo 2018 nakapagtala ng dalawampu’t

- anim (26) na mga informant sa San Agustin sa isla ng Tablas, dalawampu't isang (21) mga informant sa isla ng Romblon, at dalawampu (20) sa isla ng Sibuyan. Sa kabuoan, ang mananaliksik ay nakapanayam ng animnapu't pitong kalahok na may hanay ng edad mula labinsiyam hanggang walumput apat na taong gulang. Kasunod nito, siyam na mga konsultant mula sa komunidad ang naging pangunahing balideytor)
9. Zorc's, *The Bisayan Dialects of the Philippines*, 39.
 10. Lobel, "An Introduction to the Languages of Romblon Province."
 11. Eberhard, Simons, at Fennig, *Ethnologue: Languages of the World*.
 12. Ang mga mga informant at balideytor ay pinili ayon sa sumusunod: a. Inirekomenda ng punò ng komunidad ang mga susing informant. Gayunman, mainam na maabot o makapanayam ang representasyon ng kabuoan ng pangkat para sa mga pangkalahatang impormasyon; b. Miyembro ng katutubong pangkat— ipinanganak sa komunidad o naninirahan nang hindi bababa sa 15 taon; c. prioridad ang mga nakapagsasalita pa ng katutubong wika at mga culture bearer; d. May representasyon batay sa edad, kasarian, at katayuan sa lipunan. Tingnan ang Komisyong sa Wikang Filipino, *Manwal sa Pagdodokumento ng mga Kultura at Wika ng Pilipinas*, 20).
 13. Nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa Gobernador ng probinsiya, sa mga Mayor ng Bayan at sa mga Kapitan ng Baranggay na sakop ng pananaliksik.
 14. Mula sa mga informant at ilang lider ng komunidad ay pumili ang mananaliksik ng siyam na balideytor.
 15. Komisyon sa Wikang Filipino, "Repositoryyo ng mga Wika at Kultura," 2021, <https://kwfwikaatkultura.ph>.
 16. Pangunguha ng shellfish. Mula sa salitang *sihè* o shellfish. *Sihè* png [In]: lamandagat na may sigay o talukab. Tumutukoy ito sa anumang aquatic invertebrate na hayop na may shell at kabilang sa phylum *Mollusca*, class *Crustacea* (phylum *Arthropoda*), o ang phylum *Echinodermata*.

Mga Sanggunian

- Aikman, Sheila. "Changing Livelihoods and Language Repertoires: Hunting, Fishing, and Gold Mining in the Southeast Peruvian Amazon." *International Journal of the Sociology of Language*, no. 246 (2017): 85–108. <https://doi.org/10.1515/ijsl-2017-0014>
- Añoso, Precious Sarah A. "Ang Dayalekto ng Tagalog sa Roxas, Oriental Mindoro: Epekto ng Language Contact." *Social Science Diliman* 17, no. 1 (January–June 2021): 25–54.
- Baterina, Luden. "Varyasyong Leksikal Ng Mga Wikaing Bagobo -Tagabawa, Giangan at OboManobo Ng Lungsod Davao: Pokus Sa Dimensyong Heyograpikal". *Langkit: Journal of Social Sciences and Humanities* 7 (2017):61-83. <https://doi.org/10.62071/jssh.v7i.77>.
- Catama, Bryan V., Mark Gerald N. Murillo, Priestly Van G. Marcos, Joshua T. Mesa, Mark Lester N. Navida, Zion Delmar L. Podes, and Kathrina C. Tabilin. "Promoting Heritage Language: A Phenomenological Study on the Approaches Used by Cordilleran Students." *Vidyodaya Journal of Humanities and Social Sciences* 9, no. 2 (July 2024): 1–20. <https://doi.org/10.31357/fhss/vjhss.v09i02.01>

- Catoto, Jerson Sabang. "Intrattribution Variation in Language Among Obo-Manobo: An Ethnolinguistic Study." *World Journal of English Language* 12, no. 6(2022): 435–47. <https://doi.org/10.5430/wjel.v12n6p435>
- Esquejo, Kristoffer R. "The Making of a Philippine Province: Romblon During the American Colonial Period." *Asian Studies Journal* 50, no. 2 (2014): 74–106.
- . "Religious Diversity Among Romblomanons." In *Romblon: Bosom of the Philippines*, edited by Mila D. Aguilar, 28–41. Provincial Government of Romblon, 2018.
- . "Romblon: Isang Natatanging Kapuluan." In *Sa Puod Romblon: Mga Sanaysay Tungkol sa Kasaysayan at Kultura ng Lalawigan ng Kapuluan*, 15–17. Limbagang Pangkasaysayan, 2015.
- Fabella, Gabriel F. *The Romblon Archipelago*. Series no. 1: Banton, Calatrava, Concepcion, Corcuera. San Mateo, Rizal: ITP Press, 1976.
- . *The Romblon Archipelago*. Series no. 2: Odiongan, San Agustin, and Looc. San Mateo, Rizal: ITP Press, 1977.
- Fajilan, Winnie. *Linguwistikong Etnograpiya ng Ási*. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2025.
- Gabay sa *Linguwistikong Etnograpiya*. Unpublished manuscript. Komisyon sa Wikang Filipino, 2019. <https://kwfwikaatkultura.ph>
- Hicana, Maria Fe. "Wikang Filipino: Wikang Mapagbangon." *CNU Journal of Higher Education* 18, no. 1 (2024). <https://doi.org/10.70997/2546-1796.1153>
- Joaquin-Paz, Cecilia. *Gabay sa Fildwurk*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2005.
- Komisyon sa Wikang Filipino. *Manwal sa Pagdodokumento ng mga Wika at Kultura ng Pilipinas*. Sangay ng Salita at Gramatika. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2021.
- . *Repositoryo ng mga Wika at Kultura*. 2021. <https://kwfwikaatkultura.ph/mapa-ng-mga-wika/>
- Lobel, Jason W. "An Introduction to the Languages of Romblon Province." *Sanrokan: A Taste of Romblon—News and Views from Romblon Province, Philippines*, 2002. http://sanrokan.com/newsanrokan/archives/jul8/feature_lobel.htm
- Lubis, Roslana, and Dwi Widayati. "The Sustainability of Eco-Lexicons in Socio-Ecological Spatial Dynamics of the Rice Fields' Community in Central Tapanuli, Indonesia." *Theory and Practice in Language Studies* 12, no. 8(2002): 1659–1663. <https://doi.org/10.17507/tpls.1208.24>
- Madeja, Roland F. "Romblon Province, 1570–1946: Its History and Development." MA thesis, Manuel L. Quezon University, 1993.
- Meneses, Camila, Cameron Siler, Phillip Alviola, Juan Carlos Gonzalez, Juancho Balatibat, Cheryl Natividad, and Rafe Brown. "Amphibian and Reptile Diversity Along a Ridge-to-Reef Elevational Gradient on a Small Isolated Oceanic Island of the Central Philippines." *Check List* 18 (2022): 941–948. <https://doi.org/10.15560/18.5.941>
- Newell, Leonard E. *Romblomanon Dictionary*. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 2006.
- Nuncio, Rhoderick V., Freddielyn B. Pontemayor, Joan A. Monforte, and Dadine Kristine Ann V. Lumigis. "Pagsipat sa Leksikal na Baryasyon ng mga Terminong Filipino, Bikol, at Cebuano sa Kontekstong Panginabuhian/Pangkabuhayan." *Malay* 32, no. 2 (2020): 23–40. <https://doi.org/10.59588/2243-7851.1089>
- Perlas, Sherwin M. "Karagatan in the Kara'an of Romblon." PhD diss., University of Santo Tomas, 2011.
- . "Karagatan Tropes, Maritime Characteristics, and the Oral Tradition of Romblon." *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research* 4, no. 2 (2016): 114–121.

- . "The Karā'an Songs of Romblon: A Proposed Framework on Regional Folkloric Research." *Romblon State University Research Journal* 1, no. 1 (2014): 13–43.
- . *Lumalábay nga Daw Asó: Isang Pagsasalin sa mga Katutubong Awit ng Tatlong Etnolingguwistikong Pangkat ng Romblon—Ási, Onhan, at Iní*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2023.
- Ramos, Emelia. "Romblon Bilang Imahinasyon: Relihiyosong Panitikan at ang mga Matutom sa mga Bayan-bayan." PhD diss., University of Santo Tomas, 2010.
- Sartini, Ni Wayan, and Salimulloh T. Sanubarianto. "Maritime Lexicon as Language Identity of Coastal Community in Tuban Regency, Indonesia." *Theory and Practice in Language Studies* 12, no.10 (2022): 2217–2224. <https://doi.org/10.17507/tpls.1210.30>
- Sespene, Jeter S., Eddie Fetalvero, and Tomas Faminial. "Tiger Grass Industry in Marigondon Norte, San Andres, Romblon: Implications for Research and Development." *Romblon State University Research Journal* 1, no. 1 (2011): 81–95. <https://ojs.rsu.edu.ph/index.php/rsurj/article/view/24>
- Suatengco, Rosarito T., and Hazel D. Joaquin. "Eco-translation of Local Knowledge in Developing a Trilingual Glossary of Fishing and Aquaculture." *Philippine Journal of Fisheries* 26, no.1 (2019): 44–54. <https://doi.org/10.31398/tjpf/26.1.2018-0003>
- Wu, Zhilong, Bo Li, Xuhuan Dai, and Ying Hou. "Coupled Relationship between Rural Livelihoods and the Environment at a Village Scale: A Case Study in the Mongolian Plateau." *Land* 9, no. 2 (2020): 38. <https://doi.org/10.3390/land9020038>
- Zorc, R. David Paul. "The Bisayan Dialects of the Philippines: Subgrouping and Reconstruction." PhD diss., Cornell University, 1975. Ann Arbor, MI: University Microfilms Internatio

TUNGKOL SA MAY-AKDA

Si SHERWIN M. PERLAS (sherwin_perlas@rsu.edu.ph) ay Professor V at dating Dekano ng College of Education sa Romblon State University. Nagtamo siya ng doktorado (Ph.D.) sa Literatura mula sa Unibersidad ng Santo Tomas. Kasalukuyan siyang nagsisilbing Direktor ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK) sa Romblon sa ilalim ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Siya rin ay Cluster Head ng Cluster of Tagalog, Romblomanon, at Bantoanon sa Pambansang Komite sa Central Cultural Community (2026–2028) sa ilalim ng Subcommittee on Cultural Communities and Traditional Arts (SCCTA) ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA). Bilang mananaliksik, nakatuon ang kanyang gawain sa pagsusuring pampanitikan at pag-aaral ng panitikan, pananaliksik sa wikang bernakular, pagsasalin mula bernakular tungong Filipino at Ingles at mula Ingles o Filipino tungong bernakular, pananaliksik pangkultura, at pagdodokumento at pag-aaral ng folklor. Ang kanyang aklat na *Lumalábay Nga Daw Asó: Isang Pagsasalin sa mga Katutubong Awit ng Tatlong Etnolingguwistikong Pangkat ng Romblon – Ási, Onhan, at Iní* (2023) ay inilimbag ng UP Press. Maaaring makipag-ugnayan sa kanya sa: sherwin_perlas@rsu.edu.ph

ABOUT THE AUTHOR

SHERWIN M. PERLAS (sherwin_perlas@rsu.edu.ph) is a Professor V and former Dean of the College of Education at Romblon State University. He earned his Ph.D. in Literature from the University of Santo Tomas. He currently serves as Director of the Sentro ng Wika at Kultura (SWK) in Romblon under the Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). He is also the Cluster Head of the Cluster of Tagalog, Romblomanon, and Bantoanon under the National Committee on Central Cultural Community (2026–2028) of the Subcommission on Cultural Communities and Traditional Arts (SCCTA) of the National Commission for Culture and the Arts (NCCA). As a researcher, his scholarly work focuses on literary criticism and literary studies, vernacular language research, translation from vernacular languages into Filipino and English and from English or Filipino into vernacular languages, cultural research, and the documentation and study of folklore. His book, *Lumalábay Nga Daw Asó: Isang Pagsasalin sa mga Katutubong Awit ng Tatlong Etnolingguwistikong Pangkat ng Romblon – Así, Onhan, at Iní* (2023), was published by UP Press. He may be contacted at: sherwin_perlas@rsu.edu.ph